هيثم سرحان
الموقع الرسمي لفضيلة الشيخ

# المختصر المفيد لسيرة النبي المصطفى ﷺ وشمائله

## KAPAKI-PAKINABANG NA BUOD SA

# TALAMBUHAY AT KATANGIAN NG HINIRANG NA PROPETA

**Sumakanya Nawa Ang Pagpapala at kapayapaan**


Sa Panulat ni:

**Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān**

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawī
Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website
http://attasseel-alelmi.com

**Isinalin sa Wikang Filipino ni:**

**Abu Ibraheem Al-Hafeyz Atara Bautista**


باللغة الفلبينية


وقف لله لا يجوز بيعه
Waqf Para sa Allah, 'Di maaring Ipagbili

المختصر المفيد

في سيرة النبي المصطفى ﷺ وشمائله

# Kapaki-pakinabang na Buod sa Talambuhay at Katangian ng

# Hinirang na Propeta ﷺ


**Mula sa Panulat ni:**

**Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawī**

**Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website**

http://attasseel-alelmi.com


*Patawarin nawa siya ng Allah at ganoon din sa kanyang Dalawang Magulang*

*At sinuman tumulong sa paglimbag at paglathala ng Aklat na ito*


**Isinalin sa Wikang Filipino ni:**

**Shaykh Abu Ibraheem Al-hafeyz Bautista**

**College of Dawah and Fundamental of Religion**

**Islamic University of Madinah, KSA**

**UNANG EDISYON**

**2019/1440H**

جميع حقوق الطبع محفوظة

**Lahat ng karapatan ay nakalaan sa May-akda**

**Maliban sa sinumang magnanais na ilimbag o isalin ito upang ipamahagi ng libre pagkatapos ng pakikipag-ugnayan sa may-akda**

**Mangyaring Makipag-ugnayan sa:**

**islamtorrent@gmail.com**

# Panimula

Sa Ngalan ng Allāh,
Ang Pinakamahahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay sa Allāh ﷻ lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasama na ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allāh ﷻ ay walang sinuman ang maaari na makapagliligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang hayaan na maligaw ay walang sinuman ang maaari na makapaggagabay sa kanya, at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang marapat sambahin kundi ang Allāh ﷻ Siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo. ﴿O' mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah nang tunay na pagkatakot at huwag kayong mamamatay liban na lamang na kayo ay mga Muslim﴾ [3:102].
﴿O' mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao at nilikha Niya mula rito ang asawa nito. At pinasibol Niya mula sa kanilang dalawa ang maraming kalalakihan at kababaihan. Katakutan ninyo ang Allah na sa pamamagitan Niya ay sinisingil ninyo ang inyong mga karapatan at pananatili ng inyong pagkakamag-anakan. Tunay na ang Allah sa inyo ay Nakamasid﴾ [4:1].
﴿O' mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah at magsabi lamang ng matuwid na pananalita ۝ Itutuwid Niya ang inyong mga gawain at patatawarin para sa inyo ang inyong mga kasalanan. Sinumang sumunod sa Allah at sa Kanyang Sugo ay nagtagumpay ng tagumpay na dakila﴾ [33:70-71].

At bilang pagpapatuloy; Ito ang mga maiiksing salita na hindi maaari na hindi alamin ng sinuman na may kagustuhan na makilala't malaman ang talambuhay at katuruan ng kanyang Propeta ﷺ, Sinabi ni Ibn Al-Qayyim رحمه الله : (Kaya't obligado sa bawat sinuman na pinayuhan niya ang kanyang sarili at ginusto niya ang kaligtasan at kaligayahan nito sa mundo at kabilang buhay na malaman niya ang gabay at talambuhay ng Propeta at mga kalagayan nito na kung saan ay nag-iiba sa kanya mula sa mga silang hindi kilala ang Propeta ﷺ, at nang sa ganon ay magpapapasok sa kanya sa hanay ng mga tagasunod at tagataguyod at pangkat ng Propeta ﷺ. Ang mga tao ay nababahagi sa usapin na ito sa tatlong uri; mga nagkulang, mga nagmalabis, at ang mga pinagkaitan, Tunay na ang biyaya ay nasa kamay ng Allah at ibinibigay Niya ito sa sinuman na Kanyang naisin. Ang Allah ay nagtataglay ng biyayang dakila.

Hinihingi ko sa Allah na biyayaan Niya ako at kayo ng pagmamahal sa Kanyang sugo ﷺ at pagsunod sa lahat ng kanyang ipinag-utos at paglayo mula sa lahat ng kanyang ipinagbawal.

Allaahumma Salli 'Alaa Muhammad Wa 'Alaa Aali Muhammad, Kamaa Sallayta 'Alaa Ibrahim, Wa 'Alaa Aali Ibrahim, Innaka Hamidum Majid, Allaahumma Baarik 'Alaa Muhammad Wa 'Alaa Aali Muhammad, Kamaa Baarakta 'Alaa Ibrahim, Wa 'Ala Aali Ibrahim Innaka Hamidum Majid, Wal Hamdulillahi Rabbil Aalamin.

# Unang Bahagi:

# Katangian at Katuruan ng Propeta ﷺ

# Katangian ng Propeta ﷺ

## ANG LAHI NG PINAGMULAN NG PROPETA ﷺ

**Siya si Muhammad bin Abdillah bin Abdil Muttalib bin Hashim bin Abdil Manaf bin Qusay bin Kilab bin Murrah bin Luayy bin Ghalib bin Fihr bin Malik bin An-Nadhar bin Kinanah bin Khuzaymah bin Mudrikah bin Ilyas bin Mudhar bin Nizar bin Ma'ad bin 'Adnan. At si 'Adnan ay mula sa mga anak ni Isma'il Ad-dhabih bin Ibraheem Al-Khalil عليهما السلام.**

**At si Muhammad ﷺ ay siyang may pinakamagandang lahi sa balat ng lupa, at tinukoy ito sa isang Hadith na si *Heraclius* -Ang Hari ng Roma- ay nagtanong kay Abu Sufyan رضي الله عنه : "Tinanong ko sa iyo ang tungkol sa kanyang pamilya at ang iyong tugon ay siya'y kabilang sa isang marangal na pamilya. Sa katunayan, ang lahat ng mga Sugo ay nagmula sa mga marangal na pamilya sa kani-kanilang mga bayan".**

## PAGHIRANG SA KANYA ﷺ

**Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: (Tunay na hinirang ng Allah si Isma'il mula sa mga anak ni Ibraheem, at hinirang mula sa mga anak ni Isma'il ang Kinanah, at hinirang mula sa Kinanah ang Tribo ng Quraysh, at hinirang mula sa Qurasyh ang pamilya ni Hashim, at hinirang ako mula sa pamilya ni Hashim).**

## ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ

**Ang lahat ng ito ay mga katangian at hindi mga pangalan na tumutukoy sa pagkakakilanlan lamang, bagkus ito ay mga pangalan o katawagan na hinango mula sa mga katangiang taglay ng Propeta ﷺ na kung saan marapat na sa kanya ang kapurihan at kaganapan, at kabilang ang mga sumusunod:**

### MUHAMMAD

Ito ang pinakakilalang pangalan ng Propeta ﷺ, at ito ang direktang ipinangalan sa kanya sa Torah.
At kahulugan nito: (Maraming katangian na kapuri-puri sa kanya).

### AHMAD

**Ibig sabihin: Ahmad o kapuri-puri na nilalang para sa Allah, kapuri-puri siya para sa mga taga langit at lupa, at sa mga taga daigdig at kabilang buhay, dahil yan sa dami ng mabubuting katangian nito, at ito rin ang katawagan sa kanya na kung saan itinawag sa kanya ni Hesus عليه السلام .**

### AL-MUTAWAKKIL

**Ipinangalan sa kanya ito dahil sa *Tawakkul* o pananalig nito nang ganap at walang pagtatambal sa Allah ﷻ sa pagtataguyod sa relihiyon.**

## ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ

| | |
|---|---|
| AL-MAHIY | Ibig sabihin: Ang Tagapagbura, kung saan sa pamamagitan ng Propeta ﷺ binubura ng Allah ﷻ ang Kufr, at kailaman ay hindi nabura ang Kufr sa pamamagitan ng sinuman maliban sa Propeta ﷺ. |
| AL-HASHIR | Ibig sabihin: Ang Tagapagtipon, na kung saan titipunin ang mga tao sa kanyang mga paa (Dahil siya ang unang babangon sa Araw ng Paghuhukom), na para bagang ipinadala siya upang tipunin ang mga tao. |
| AL-AQIB | Ibig sabihin: Ang Huling (Propeta) na kung saan ay wala ng propeta pagkatapos niya, kaya't siya ay nasa antas na pagiging Huling Selyo o Wakas ng Selyo ng lahat ng Propeta. |
| AL-MUQAFFIY | Ibig sabihin: Ang sumunod sa mga yapak ng mga nauna sa kanya, kaya naman ipinadala ng Allah si Propeta Muhammad ﷺ na sumusunod sa yapak at bakas ng mga nauna mga sugo sa kanya. |
| NABIYUT TAWBAH | Ibig sabihin: Ang Propeta ng Tawbah (Pagbabalik-loob), na kung saan ay binuksan ng Allah sa pamamagitan niya ang pintuan ng Tawbah sa mga taga lupa, at pinatawad Niya sila ng isang pagpapatawad na walang katulad sa mga nauna sa kanya, at kaya naman ang Propeta Muhammad ﷺ ay siya ang tao na pinaka palaging humingi ng kapatawaran at pagbabalik-loob. |
| NABIYUL MALHAMAH | Ibig sabihin: Ang Propeta ng Dakilang mga Digmaan, na kung saan isinugo siya upang makibaka laban sa mga kalaban ng Allah, walang sugo at nasyon nito na nakibaka at nakipaglaban maliban sa Sugo ng Allah ﷺ at Ummah nito, at mga dakilang digmaang naganap sa panahon niya ay walang katulad sa mga nauna sa kanya. |
| NABIYUR RAHMAH | Ibig sabihin: Ang Propeta ng Rahmah (habag), na kung saan ay ipinadala siya ng Allah bilang habag at awa para sa sanlibutan, kaya't kinaawan dahil sa kanya ang lahat ng nasa kalupaan; ang mga mananampalataya ay nagkamit ng pinakamaraming bahagi mula sa Rahmah, at ang mga Kuffar mula sa Ahlul Kitab ay namuhay ang ilan sa kanila sa lilim nito at sa ilalalim ng lubid at kasunduan nito. |
| AL-FATIH | Ibig sabihin: Ang Tagapagbukas, na kung saan ay binuksan ng Allah dahil sa kanya ang pintuan ng gabay matapos na maging sarado ito, at binuksan ng Allah dahil sa kanya ang mga mata na bulag, mga tainga na bingi, at mga pusong natakpan, at binuksan ng Allah dahil sa kanya ang mga lungsod ng Kuffar, at binuksan dahil sa kanya ang mga pintuan ng Paraiso, at binuksan ang mga daan tungo sa kaalamang kapaki-pakinabang at mabubuting gawain. |

## ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ

**AL-AMIN**

Ibig sabihin: Ang magpakakatiwalaang, siya ang karapatdapat sa mga nilalang para sa pangalan na ito, siya ang magpakakatiwalaan ng Allah sa Kanyang kapahayagan at relihiyon, at siya ang magpakakatiwalaan ng sinumang nasa langit at lupa, bagkus kahit ang mga Kuffar ng Quraysh ay tinawag siya na "Al-Amin" bago pa man siya ihirang bilang isang sugo.

**AL-BASHIR**

Ibig sabihin: Ang tagapagbalita ng kabutihan; Tagapagbalita ng gantimpala para sa sinumang sumunod sa kanya at Tagapagbabala mula sa parusa parasa sinumang sumuway sa kanya.

**SAYYIDU WALADI ADAM**

Ibig sabihin: Ang pinuno ng mga anak ni Adan, Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ako ang magiging pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagkabuhay at hindi ito pagmamalaki).

**AS-SIRAJ AL-MUNIR**

Ibig sabihin: Ang ilaw na maliwanag, na kung saan ay nagbibigay ng liwanag na walang kasamang paso, at ito ay salungat sa salitang *Wahhaj* o ilaw na maliwanag na nakapapaso.

At siya ang Abdullah o Alipin ng Allah, na sa kanya ang natatanging pagkakaalipin sa Allah, dahil naging ganap sa kanya ang mga antas ng pagiging alipin ng Allah.

## ANG MGA PANGKALAHATANG KATANGIAN NG PROPETA ﷺ

Ang pinakaganap na katangian ng Propeta ﷺ ay ang mga tinangi niya sa kanyang sarili, Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ako si Muhammad na alipin ng Allah at sugo Nito, at hindi kaibig-ibig sa akin ang itaas ako sa aking katayuan kung saan ako nilagay ng Allah ﷻ).

Ang Propeta ﷺ ay siyang pinakamabuti sa lahat ng tao sa panlabas at panloob na katangian at pag-uugali, sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Tunay na ikaw ay nasa dakilang pag-uugali*﴾ [68:4], at sinabi ni A'isha رضي الله عنها : "Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an". Ibig sabihin ay isinasabuhay niya ito, at humihinto sa hangganan nito; kaya't nalulugod siya sa kinaluguran nito, at napupoot siya sa kinapootan nito.

**KHALILULLAH**

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Tunay na ang Allah ay hinirang ako bilang malugod na kaibigan katulad ng pagkakahirang kay Ibraheem bilang malugod na kaibigan).

## ANG MGA PISIKAL NA KATANGIAN NG PROPETA

**ANG MARANGAL NIYANG KATAWAN**

Ayon kay Anas bin Malik رضي الله عنه : "Ang Sugo ng Allah ﷺ ay maliwanag ang kanyang kulay, hindi siya puting-puti at hindi rin naman kulay kayumanggi". at "Ang kanyang pawis ay para bagang perlas, kapag siya ay naglalakad ay itinataas niya ang kanyang paa na para bagang siya ay naglalakad ng pababa, at hindi ako nakahawak ng sutla o sedang tela na mas malambot pa sa palad ng Sugo ng Allah ﷺ, at hindi ako nakaamoy ng halimuyak o pabango kailaman na mas mabango pa sa Sugo ng Allah ﷺ".

# ANG MGA PISIKAL NA KATANGIAN NG PROPETA ﷺ

| | |
|---|---|
| KANYANG TAAS | Ayon kay Al-Bara bin A'zib رضي الله عنه : "Ang Propeta ﷺ ay may katamtamang taas, na malapad ang mga balikat, ang kanyang buhok ay umaabot sa dulo ng kanyang tainga, Nakita ko siya na nakasuot ng pulang damit, wala pa akong nakita na mas gwapo sa kanya kailanman". |
| KANYANG MUKHA | Ayon kay Ka'ab bin Malik رضي الله عنه : "Nang batiin ko ang Sugo ng Allah ﷺ, ang kanyang mukha ay kumikinang sa kaligayahan, at ang Sugo ng Allah ﷺ kapag siya ay natutuwa ay nagniningning ang mukha niya na para bagang piraso ng buwan", at tinanong si Al-Bara رضي الله عنه : Ang mukha ba ng Propeta ﷺ ay katulad ng espada? sinabi niya: "Hindi, bagkus ay katulad ng buwan". |
| KANYANG BUHOK | Ayon kay Anas bin Malik رضي الله عنه : "Ang Propeta ﷺ ay may malaking mga kamay, at wala pa akong nakitang tao na katulad niya. Ang buhok ng Propeta ﷺ ay medyo kulot na nakalugaygay ngunit hindi masyadong kulot at hindi rin naman diresto". |
| KANYANG MATA | Ayon kay Jabir bin Samurah رضي الله عنه : "Ang Ang Propeta ﷺ ay may malapad na bibig, at mga mata na may mga pulang linya sa kaputian nito, at hindi malámam ang sakong nito". |
| KANYANG PAWIS | Ayon kay Anas bin Malik رضي الله عنه : "Ang Sugo ng Allah ﷺ ay dumating sa aming bahay, at siya'y umidlip sa oras ng *Qaylulah*, at nagkaroon ng pawis sa kanyang katawan. kaya't ang aking ina ay nagdala ng isang bote at nagsimulang tinupunin ang pawis niya doon sa bote. At nang magising ang Sugo ng Allah ﷺ ay sinabi niya: (O' Ummu Sulaym; ano itong ginagawa mo?) sinabi niya: Ito ang iyong pawis na hinahalo namin sa aming pabango at ito ay naging pinaka mabangong pabango". |
| PALATANDAAN NG PAGKA-PROPETA | Ang Propeta ﷺ ay may palantandaan ng pagkapropeta sa pagitan ng kanyang mga balikat, ito ay isang bagay na lantad sa katawan ng Propeta ﷺ na katulad ng nunal.<br><br>Isinalaysay ni Jabir bin Samurah رضي الله عنه na kanyang sinabi: "At Nakita ko ang palatandaan ng pagkapropeta sa kanyang balikat na ang laki ay katulad ng itlog ng kalapati, na kahawig ng katawan niya". |

# ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

## PAGGALANG NG MGA SAHABAH SA KANYA

**Sinabi ni Amr bi Al-A's ؓ : "Wala ng ibang taong kamahal-mahal para sa akin kaysa sa Sugo ng Allah ﷺ, at wala ng pinakadakila sa mga mata ko maliban sa kanya, at hindi ko kayang ititig ang aking mga mata sa kanya bilang paggalang sa kanya, At kung hingiin sa akin na ilarawan ko siya, hindi ko ito makakayanan, dahil hindi ko man lang siya natitigan ng mabuti"**

**At sinabi ni Urwah bin Mas'ud Ath-thaqafiy ؓ habang nilalarawan niya ang Propeta ﷺ sa mga Quraysh noong araw ng Hudaybiyah: "Sumpa man sa Allah, Nakita ko na ang mga hari ngunit hindi ko pa nakita ang alinman sa mga ito na iginagalang ng kanyang mga kasamahan tulad ng paggalang ng mga Sahabah kay Muhammad, sumpa man sa Allah, kung siya ay dumura, ang laway ay sasaluhin ng kamay ng isa sa kanila, at ikukuskos niya ito sa kanyang mukha at balat; at kapag inutusan niya sila, isasagawa nila agad ang kanyang utos; at kung magsasagawa siya ng Wudhu, ay pipilitin nilang kunin ang natitirang tubig na ginamit sa Wudhu; at kung siya ay nagsasalita, sila'y mananahimik at hindi nila tinititigan ang kanyang mukha bilang paggalang".**

## PAGGALANG NIYA SA ALLAH

**Sinabi ni `Abdullah bin Ash-Shikhir ؓ : "Nagsabi kami sa Sugo ng Allah ﷺ: Ikaw ang aming Sayyid (Pinuno), at sinabi niya: (Ang Sayyid ay ang Allah ﷻ), at Sinabi namin: At ikaw ang Pinakamainam at Pinakadakila sa amin sa kainaman, at sinabi niya: (Sabihin ninyo ang gusto ninyong sabihin -o ang ilan sa sinasabi ninyo- at huwag na huwag kayong gagawing kahalili ng Shaytan)".**

## KANYANG TAPANG

**Ayon kay Ali ؓ : "kapag tumindi na ang labanan at nagtagpo na ang dalawang pangkat sa labanan, kami ay humihingi ng proteksyon sa pamamagitan ng paglapit naming sa Sugo ng Allah ﷺ, at wala sa amin ang pinakamalapit sa kalaban kaysa sa kanya".**

## TAKOT SA ALLAH

**Sinabi ng Propeta ﷺ: (Sumpa man sa Allah, higit na masunurin ako sa Allah at higit na natatakot sa Kanya kaysa sa inyo).**

## KABUTIHAN NIYA SA KANYANG PAMILYA

**Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang pinakamahusay sa iyo ay ang isa na pinakamahusay sa kanyang asawa, at ako ang pinakamahusay sa iyo sa aking mga asawa).**

## KAHINHINAN NIYA

**Ayon kay Abu Sa'id Al-Khudhriy ؓ : "Ang Sugo ng Allah ﷺ ay mas mahiyain pa kaysa sa isang birheng dalagang nasa silid niya, at kapag may kinamuhian siyang anumang bagay ay malalaman namin iyon sa kanyang mukha".**

## KADALIAN NIYA

**Ayon kay A'ishah ؓ : "At hindi pinapili ang Propeta ﷺ sa pagitan ng dalawang bagay; maliban na pinili niya ang pinakamadali sa dalawa, basta't hindi ito uri ng kasalanan, at kapag ito ay naging kasalanan; siya ang pinakamalayo sa dalawang ito sa mga tao mula roon".**

## ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

| | |
|---|---|
| DI-NAGHIHIGANTI PARA SA SARILI NIYA | Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Sumpa man sa Allah, Hindi naghiganti ang Sugo ng Allah ﷺ, para sa kanyang sarili sa anumang bagay kailanman; maliban na lamang kung labagin ang kabanalan ng Allah sapagkat maghihiganti siya para sa Allah جل وعلا"** . |
| HINDI NIYA PINIPINTASAN ANG PAGKAIN | Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Hindi nilait ng Propeta ﷺ ang anumang pagkain kailanman, kung ito'y nagustuhan niya ay kakainin niya, at kung ito'y ayaw niya ito'y iiwan niya"**. |
| TUMATANGGAP NG REGALO | Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Ang Sugo ng Allah ﷺ ay tumatanggap ng mga regalo at siya'y nagbibigay din ng mga regalo bilang kapalit"**. |
| HINDI KUMAKAIN NG SADAQAH | Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Ang sambahayan ni Muhammad ay hindi kumakain ng mula sa Sadaqah (o kawanggawa)"**. |
| PAG-PAPAKUMBABA NITO | Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Maging kalmado ka, sapagkat hindi ako isang hari. Katotohanan na ako ay anak lamang ng isang babae na kumakain ng pinatuyong karne"**. |
| SERBISYO NIYA SA KANYANG PAMILYA | Ayon kay Al-Awad bin Yazid رضي الله عنه : Tinanong ko si `Ā'ishah رضي الله عنها , Ano ang ginagawa ng Propeta ﷺ, sa loob ng bahay niya? Nagsabi ito: **"Siya ay nasa paglilingkod sa pamilya niya at kapag sumapit ang pagdarasal, lumalabas siya patungo sa pagdarasal"**. |
| HINDI NIYA PAGPANSIN SA MGA JAHILIYAH | Sinabi ng Propeta ﷺ : **(Hindi ba kayo nagtataka, kung paano nilihis ng Allah sa akin ang pang-aabuso at pagmumura ng Quraysh?! Ininsulto nila si *'Mudhammam'* at isinumpa si *'Mudhammam'* - ngunit ako si Muhammad)**. |
| KATAPATAN NIYA | Ayon kay Ibn Mas'ud رضي الله عنه : Isinalaysay sa amin ng Sugo ng Allah ﷺ, **at siya ang matapat at ipinagkakatiwalaan**. |
| UGALI NIYA KASAMA NG KANYANG TAGALINGKOD | Ayon kay Anas رضي الله عنه : **"Naglingkod ako sa Sugo ng Allah ﷺ, nang sampung taon at Sumpa man sa Allah, hindi siya nakapagsabi sa akin ng "*Uf*", at hindi siya nakapagsabi sa bagay na ginawa ko kung bakit ko ginawa iyon, ni sa bagay na hindi ko ginawa kung bakit hindi ko ginawa iyon"**. |

# ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

## ANG KANYANG WALANG PAG-IIBA SA PAGITAN NG KANYANG MGA KASAMAHAN AT PAGIGING MALUWAG NG DIBDIB

Ayon kay Anas رضي الله عنه : Habang kami ay nagtitipun-tipon sa Masjid, isang lalaki ang dumating sakay ng isang kamelyo at pinaluhod ito sa Masjid at pagkatapos ay itinali niya ito, at sinabi sa kanila: "Sino sa inyo si Muhammad?" sa oras na iyon, ang Sugo ng Allah ﷺ ay nakasandal sa pagitan ng kanyang mga kasamahan, At sinabi: Sinabi naming sa lalaking iyon: "Ang Sugo ay itong maputing nakasandal". at sinabi ng lalaki sa kanya: "O' anak ni Abdul Muttalib", at sinabi sa kanya ng Sugo ng Allah ﷺ: (Naririnig kita), At sinabi ng lalaki: "O' Muhammad; Tatanungin kita ng mga katanungan, at magiging malupit ako sa pagtatanong; kaya't huwag kang magagalit", at sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ sa kanya: (Itanong mo kung ano ang iniisip mo), sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng iyong Panginoon at Panginoon ng mga nauna sa iyo; isinugo ka ba ng Allah sa lahat ng mga tao?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Sumpa man sa Allah, Oo). Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; Inutusan ka ba ng Allah na magdasal ng limang beses na dasal sa bawat araw at gabi?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Sumpa man sa Allah, Oo). Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; inutusan ka ba ng Allah na mag-ayuno sa buwang ito sa bawat taon? Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Sumpa man sa Allah, Oo). Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; inutusan ka ba ng Allah na kunin ang kawanggawa na ito mula sa aming mayayaman at ipamahagi ito sa aming mga mahihirap?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Sumpa man sa Allah, Oo). At sinabi ng lalaki: "Naniniwala ako sa iyong dala-dalang katuruan, at ako ang sugo ng aking bayan na nasa aking likuran, at ako si Dhimam bin Tha'labah, ang kapatid ng Banu Sa'id bin Bakr".

## TINAPAY NIYA

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Hindi na nabusog ang Sambahayan ni Muhammad ﷺ ng tinapay na gawa sa sebada sa loob ng dalawang sunud-sunod na araw hanggang sa siya ay namatay".

## PAG-IWAN NIYA SA MAKAMUNDONG BAGAY

Sinabi ng Propeta ﷺ : (Hindi magpapagalak sa akin na ako'y magkaroon ng ginto tulad ng Uhud na ito, na lilipas sa akin ang tatlong araw samantalang mayroon pa akong isang Dinar mula rito, bukod pa sa isang bagay na inilalaan ko para sa isang utang, malibang napamahagi ko ito sa mga lingkod ng Allah, nang ganito, ganyan, at ganoon).

## HINDI NAGMUMURA

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Hindi kalikasan ng Sugo ng Allah ﷺ na makipag-usap nang bastos, at hindi rin sa paggamit ng malaswang salita, ni hindi siya sumigaw sa mga palengke, at hindi siya naghihiganti ng isang masamang gawain para sa isang masamang gawain, ngunit nagpapatawad siya, at nagpapaumanhin.

## HINDI SIYA HUMAWAK NG PALAD NG BABAE

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Ang kamay ng Sugo ng Allah ﷺ ay hindi humawak sa kamay ng isang babae kailanman"

**Ayon kay Umar رضي الله عنه : "Pumasok ako sa bahay ng Sugo ng Allah ﷺ at siya ay nakahiga sa kanyang banig, at ako ay umupo, at nakita ko na ang suot lamang niya ay ang kanyang tapis, kaya't Nakita ko ang bakas ng banig sa kanyang tagiliran, at nakita ng aking mga mata ang sisidlan ng Sugo ng Allah ﷺ at natagpuan ko lamang ang kakarampot ng sebeda na katumbas ng isang gantang at ang katumbas na dami ng mga dahon ng Mimosa na inilagay sa gilid ng kwarto, at nakita ko ring nakasabit sa isang banda ang isang bayong na yari sa katad".... "At aking mga mata ay lumuha, kaya't sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (O' Ibn Khattab, ano ang dahilan bakit ka umiiyak?!), sinabi ko: "O' Propeta ng Allah; bakit hindi ako mapapaluha?, ang banig na ito ay nag-iwan ng bakas sa iyong tagiliran, at itong sisidlan mo ay kakaunti lamang ang nasa loob nito, Ang Caesar ng Roma at Closures ng Persia ay nasa buhay na marangya, samantalang ikaw na Sugo ng Allah, Ang kanyang hinirang, at ito lamang ang nasa loob ng iyong sisidlan?!" At sinabi ng Propeta ﷺ: (O' Ibn Khattab; hindi ka ba nalulugod na para sa atin ang kasaganahan sa Kabilang-buhay, at para sa kanila ang kasaganahan ng mundo?), at sinabi ko: "Oo".**

# Unang Pagsusulit

| TANONG | TAMA | MALI |
|---|---|---|
| ❂ Ang kaligayahan sa mundo at kabilang-buhay at nakasalalay sa katuruan ng Propeta ﷺ. | ☐ | ☐ |
| ❂ Ang mga Sugo ay ipinapadala sa kanilang sambayanang lahi. | ☐ | ☐ |
| ❂ Ang pinakaganap na katangian ng Propeta ﷺ ay ang mga itinangi niya sa kanyang sarili: (Ako si Muhammad, isang alipin ng Allah at sugo Nito) | ☐ | ☐ |
| ❂ Ang sutla o sedang tela ay mas malabot pa sa palad ng Propeta ﷺ. | ☐ | ☐ |
| ❂ Tinipon ng Allah para sa Kanyang Sugo ﷺ ang mga ganap na pag-uugali at mabubuting katangian, at pinakalooban siya ng kaalaman at kahigitan, at ang kaligtasan, tagumpay at kaligayahan dito sa mundo at kabilang buhay na kung saan ay hindi naibigay sa sinuman sa buong sanlibutan. | ☐ | ☐ |
| ❂ Ang Propeta ﷺ ay isang iletrado, di marunong bumasa at sumulat, at walang tagaturo sa kanya mula sa mga tao. | ☐ | ☐ |

❂ Ang pinakamainam na lahi sa balat ng lupa: ☐ Yunus bin Matta عليه السلام ☐ Muhammad bin Abdillah ﷺ

❂ Ang Pangalan Propeta ﷺ ay: ☐ lahat ng ito ay mga katangian ☐ mga pangalan na tumutukoy sa pagkakakilanlan lamang ☐ hinango mula sa mga katangiang taglay na kung saan marapat na sa kanya ang kapurihan at kaganapan ☐ Lahat ng Nabanggit ☐ Una at Pangatlo lamang.

❂ ((Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an)) ibig sabihin: ☐ nalulugod siya sa kinaluguran nito ☐ napupoot siya sa kinapootan nito ☐ lahat ng nabanggit.

❂ Ang Khalil ng Allah ay si: ☐ Ibraheem عليه السلام ☐ Muhammad ﷺ ☐ Lahat ng nabanggit.

❂ ((Ang Propeta ﷺ ay maliwanag ang kanyang kulay)) ibig sabihin: ☐ Kayumanggi ☐ Maputi ☐ Sobrang puti.

❂ Ang pinakamabangong pabango ay: ☐ Al- Misk ☐ Pawis ng Propeta ﷺ.

❂ Ang Propeta ay may katamtamang taas: ☐ Tama ☐ Mali

❂ Palantandaan ng pagkapropeta niya ﷺ: ☐ sa pagitan ng kanyang mga balikat ☐ kahawig ng katawan niya ☐ katulad ng itlog ng kalapati ☐ lahat ng nabanggit.

| Tunay na hinirang ng Allah: | Kananah | Mula sa pamilya ni Hashim | Isma'il | Mula sa tribo ng Quraysh |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kananah ay mula sa anak ni | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang Quraysh ay mula sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang Pamilya ni Hashim | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang Sugo ﷺ ay mula sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Lahi ng Propeta ﷺ: | Pangalan niya | Ama niya | Lolo niya | Ama ng lolo niya | Bago ang kalolohan | Kalolohan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Hashim | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Abdul Muttalib | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Abdullah | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Muhammad | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Isma'il | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ibraheem | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Kahulugan ng Pangalan ng Propeta ﷺ: | MUHAMMAD | AHMAD | AL-A'QIB | AS-SIRAJ |
|---|---|---|---|---|
| kapuri-puri na nilalang para sa Allah | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| nagbibigay ng liwanag na walang kasamang paso | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Maraming katangian na kapuri-puri sa kanya | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Wala ng propeta pagkatapos niya | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Ang Propeta ﷺ ay: | Palad | Amoy | Pakikitungo | Itsura at ugali | Takot |
|---|---|---|---|---|---|
| Pinakamabuti sa mga tao sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pinakamalambot na | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pinakamabangong na | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pinakamabuting | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| At pinakamatinding | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Ang Propeta ﷺ ay: | Para sa Allah | Pagkain | Para sa kanyang sarili | Sadaqah | Regalo |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi naghihiganti | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| At naghihiganti | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Hindi namimintas ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Tumatanggap at nagbibigay ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Hindi tumatanggap ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

# Katuruan ng Propeta ﷺ

## ANG MGA KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PANANAMIT, PAGKAIN, AT PAG-INOM

| | |
|---|---|
| ANG PINAKA KAIBIG-IBIG NA KULAY PARA SA KANYA ﷺ | Kulay Puti; Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang pinakamainam sa inyong mga kasuotan ay ang mga puti, kaya't suutin ninyo ang mga ito at ibalot sa puting tela ang inyong mga patay). |
| PANANAMIT NIYA ﷺ | Kung ano ang mayroon siya, minsan ay nagsusuot siya ng damit na gawa sa lana, minsan ay koton, at minsan ay de lino, at kapag nagsuot siya ng *Qamis* ay sinisimulan niya sa kanan. |
| KATAMTAMAN NIYA ﷺ SA PANANAMIT | Ayon sa ilang mga Salaf: "Hindi kaaya-aya para sa kanila ang dalawang kasuotan na *Shuhrah* (may pagmamalaki at walang kabuluhan sa pang-itaas at pambaba". At sa salaysay ni Ibn Umar رضي الله عنهما: (Sinumang magsuot ng damit na *Shuhrah* ay bibihisan siya ng Allah ng isang damit ng kahihiyan sa Araw ng muling pagkabuhay, pagkatapos ay maglalagablab ang apoy dito), dahil sa layunin nitong pagmamalaki at pagyayabang, kaya't pinarusahan siya ng Allah. At isinalaysay rin ni Ibn Umar رضي الله عنهما: (sinuman ang kaladkarin niya ang kanyang suot na damit bilang pagmamataas hindi siya titingnan ng Allah sa araw ng muling pagkabuhay). |
| PAGKAIN NIYA ﷺ | Ang Propeta ﷺ ay hindi niya inaayawan ang mayroon at hindi na hinahanap pa ang wala, ang lahat ng pagkain na *Halal* na inaalok sa kanya ay kinain nito, maliban na lamang kung hindi niya ito nagustuhan ay iniiwan niya ito nang walang pagbabawal, Sinabi ni A'ishah رضي الله عنها : "Hindi nilait ng Propeta ﷺ ang anumang pagkain kailanman, kung ito'y nagustuhan niya ay kakainin niya, at kung ito'y ayaw niya ito'y iiwan niya". at ito ay katulad sa pag-iwan sa pagkain ng "*Dhabb*", dahil hindi niya ito nakasanayang kainin. |
| PAMAMARAAN NG PAGKAIN NIYA ﷺ | - Ang karamihan sa kanyang pagkain ay nakalagay sa lapag na may sapin.<br>- Kumakain siya gamit ang tatlong mga daliri niya.<br>- Hindi siya kumakain na nakatukod ang kamay sa sahig.<br>- Siya ay sumasambit ng "*Bismillaah*" [sa Ngalan ng Allah] bago magsimulang kumain, at "*Al-Hamdu lillaah*" [Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah], pagkatapos kumain.<br>- At kapag natatapos na siya sa pagkain ay sasairin niya ang mga natirang pagkain sa kanyang mga daliri. |
| INUMIN NIYA ﷺ | - Palagi siyang nakaupo kapag uminom, bagkus nagbawal siya sa isang umiinom nang nakatayo, at ipinapahintulot naman kung may dahilan na hindi maaaring makaupo.<br>- Kapag siya ay naka-inom na, inaabot niya ito sa sinumang nasa bandang kanan niya, kahit pa ang nasa kaliwa niya ay mas matanda sa sinumang nasa kanan. |

| KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAG-AASAWA AT PAKIKITUNGO SA ASAWA | |
|---|---|
| | - Sinabi ng Propeta ﷺ: (Naging kaibig-ibig sa akin sa Mundo ninyo: Ang mga kababaihan at pabango, ngunit ang aking kaginhawahan ay pagsasagawa ng Salah).<br>- Ang makatarungan paghahati sa pagitan ng kanyang mga asawa sa pamamalagi at pananatili sa kanya sa gabi, at pagbibigay ng pabahay at pagtutustos. Ayon kay A'ishah رضي الله عنها: "Kapag ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagnais ng sa isang paglalakbay, siya ay nagpapalabunutan sa pagitan ng kanyang mga asawa, sinuman sa kanila ang mabunot ay lalabas at kasama siya ng Sugo ﷺ sa paglalakbay at hindi niya pinapalitan para sa mga natira ang mga araw na iyon".<br>- Ang kanyang talambuhay kasama ng mga asawa niya ay magandang pakikitungo at mabuting pag-uugali.<br>- Hinahayaan ng Propeta ﷺ na makipaglaro si A'ishah رضي الله عنها sa mga batang babae ng Ansar, at kapag si A'ishah رضي الله عنها ay naghahangad ng isang bagay, tinutugunan niya ito sa kondisyon na hindi ito sumasalungat sa mga turo ng Islam.<br>- Ang Sugo ng Allah ﷺ ay humihiga sa kandungan ni A'ishah رضي الله عنها habang nagbabasa ng Qur'an, at si A'ishah رضي الله عنها ay nasa oras ng pagreregla.<br>- Inuutasan niya si A'ishah رضي الله عنها habang may regla na maghipig ng tapis pagkatapos ay nakikipaglambingan ito sa kanya.<br>- Ang Propeta ﷺ habang siya'y nag-aayuno ay humahalik pa rin kay A'ishah رضي الله عنها .<br>- At kabilang sa kababaan ng loob ng Propeta ﷺ at kagandahan ng pag-uugali kasama ng pamilya niya ay nakikipaglaro ito sa kanila, nakipagpaligsahan ito sa kanila sa paglalakad ng dalawang beses habang sila ay naglalakbay, at isang beses ay nagtutulakan sa paglabas ng bahay (animo'y nagkukulitan).<br>- Kapag siya naglakbay at nakarating mula rito, hindi niya kinakatok ang pinto sa gabi, at ito ay ipinagbabawal niya. |
| KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAGTULOG AT PAGGISING | - Kapag humiga na ang Propeta ﷺ sa kanyang hingaan para matulog, siya'y nagsasabi: (*BI-SMIKA -LLĀHUMMA AMŪTU WA AḤYĀ,* [Sa ngalan Mo, o Allāh, nabubuhay ako at mamamatay ako]), at (kapag humiga siya sa higaan niya tuwing gabi, ay pinagdidikit niya ang dalawang palad niya. Pagkatapos ay bumubuga sa mga ito at bumibigkas sa mga ito ng [Sūrah ng] ﴿*Qul huwa –llāhu ahad*﴾, [Sūrah ng] ﴿*Qul a`ūdhu birabbi –lfalaq*﴾, at [Sūrah ng] ﴿*Qul a`ūdhu birabbi –nnās*﴾. Pagkatapos ay ipinupunas niya ang mga ito sa abot ng makakaya niya sa katawan niya. Nagsisimula siya sa pagpunas ng mga ito sa ulo niya, mukha, at anumang nakaharap mula sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit). at kapag nagising siya mula sa pagkakatulog niya, sinasabi niya: (*Alhamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi -nnushūr,* [Ang papuri ay para sa Allāh na nagbigay sa atin ng buhay matapos magbigay ng kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang muling pagkabuhay]), at pagkatapos ay magsi-Siwaak.<br>- Ang Propeta ﷺ ay natutulog sa unang bahagi ng gabi at bumabangon upang mag-Salah sa huling bahagi nito, at minsan ay nagpupuyat siya sa unang bahagi ng gabi para asikasuhin ang mga pangangailang ng mga Muslim.<br>- Ang Propeta ﷺ ay natutulog lamang ang mata niya, subalit ang puso niya ay hindi natutulog.<br>- Ang Propeta ﷺ kapag natulog, hindi siya ginigising hanggang sa siya ang magising.<br>- Ang tulog ng Propeta ﷺ ay pinaka-katamtaman na pagtulog, at ito ang pinakamabuting uri ng pagtulog. |

**KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAKIKITUNGO SA MGA TAO**

- Ang Propeta ﷺ ay nakikipagbiruan subalit ang sinasabi niya sa kanyang biro ay katotohanan.
- Ang Propeta ﷺ ay nagsasalita ng mga nakatatawang pangungusap subalit ang kanyang sinasabi ay nasa katotohanan.
- Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng konsulta at humingi rin ng konsulta.
- Ang Propeta ﷺ ay bumibisita sa may sakit, at dumadalo sa Janazah, at tumutugon sa imbitasyon, tumutulong sa mga balo, dukha, mahihina sa kanilang pangangailangan.
- Narinig ng Propeta ﷺ ang mga tula bilang papuri sa kanya kaya't ginantimpalaan niya ang makata, gayon pa man ang papuri na iyon ay isang maliit na bahagi ng kanyang kapurihan, at tungkol naman sa papuri ng iba ay ang karamihan sa mga ito ay hindi totoo at kasinungalingan.
- Inayos ng Propeta ﷺ ang kanyang sariling sandalyas gamit ang kanyang mga kamay pati na rin ang kanyang damit at ang kanyang balde, at ginatasan niya ang kanyang mga tupa, at tinatanggal ang mga tinik sa kanyang damit, at nagsilbi siya sa kanyang pamilya at sa kanyang sarili, at nagbuhat ng mga ladrilyo kasama ang kanyang mga kasamahan nang magtayo sila ng Masjid.
- Kung minsan, Siya ay nagtali ng isang bato sa kanyang tiyan dahil sa kagutuman at kung minsan naman ay nabubusog siya.
- Ang Propeta ﷺ ay naging punong-abala sa mga panauhin at naging panauhin din.
- Ang Propeta ﷺ ay nagpa-hijāmah (*cupping*) sa bandang gitna ng kanyang ulo at sa likod ng kanyang paa, at sa kanyang dalawang "*Al-A'khdaa*'" (Dalawang magkabilang gilid ng leeg), at ang kanyang mga bukung-bukong.
- Ang Propeta ﷺ ay gumagamit ng gamot, at siya ay gumamit ng pagpapaso ng sugat ngunit hindi niya hinahangad ito mula sa iba, nagsagawa siya ng *Ruqyah* ngunit hindi niya hinahangad ito para sa kanyang sarili mula sa iba.
- Ang Propeta ﷺ ay siyang pinakamahusay na tao sa pakikitungo, at kapag siya ay umutang ay nagbabayad siya ng mas mainam sa inutang niya.

**KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAGLALAKAD**

- Ang Propeta ﷺ ay napakabilis sa paglalakad subalit mahusay at kalmado.
- Siya ﷺ ay ang pinakamabalis maglakad sa mga Sahabah niya, halos mapakod sila sa paghabol sa kanya.
- Minsan siya ay lumalakad nang nakayapak at minsan naman ay naka sandalyas.
- Ang mga Sahabah ay madalas na lumakad kasama ng Propeta ﷺ at siya ay nasa likod nila.
- Siya ﷺ ay lumalakad kasama ang kanyang mga Sahabah nang paisa-isa o bilang isang grupo.

**KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA DHIKR**

Ang Propeta ﷺ ay ang pinakaganap na tao sa pag-alala sa Allah ﷻ, bagkus ang lahat ng kanyang pagsasalita ay bilang pag-alaala sa Allah at sa minamahal ng Allah.

Ang Propeta ﷺ ay nagdhi-Dhikr sa Allah sa tuwing siya'y gumigising, sa tuwing magsisimula sa Salah, sa tuwing lalabas ng bahay, sa tuwing papasok ng Masjid, sa umaga't gabi, sa tuwing magsusuot ng damit, sa tuwing papasok at lalabas ng bahay, sa tuwing papasok ng palikuran, at bago at pagkatapos mag-Wudhu', sa tuwing naririnig niya ang Adhan, at sa pagsipat sa buwan, at bago at pagkatapos kumain, at kapag siya nabahing….. at marami pang iba.

## ANG SUNNAN AL-FITRAH, ATPB.

**ANG MGA SUNNAH**

Sinabi ng Propeta ﷺ: (May sampung kasanayan na bahagi ng Fitrah: ang paggupit ng bigote, ang pagpapalago ng balbas, ang paggamit ng Siwāk, ang paglinis ng ilong gamit ang tubig, ang pagputol ng mga kuko, ang paghugas ng mga kasukasuan ng daliri, ang pagbunot ng buhok sa kilikili, ang pag-ahit ng buhok sa ari, at ang paggamit ng tubig panlinis [kapag umihi o dumumi]). at nakalimutan ng mananalaysay ang ika-sampu.

**ANG PAGSISIMULA PALAGI SA KANAN**

Ang Propeta ﷺ ay iniibig niya ang pag-una ng kanan sa pagsuot niya ng sandalyas, sa pagsusuklay niya, paglilinis niya, pagkuha at pagbigay niya, kanang-kamay niya sa pagkain, at pag-inom, at pagdadalisay niya, at kaliwang-kamay naman sa paggamit ng palikuran at iba pa na katulad nito o pagtanggal ng anumang karumihan.

**BUHOK**

Ang katuruan ng Propeta ﷺ sa pag-ahit ng buhot: iniiwan ang lahat ng kanyang buhok o aahitin niya ang lahat ng ito.

**SIWAK**

Gustung-gusto ng Propeta ﷺ ang paggamit ng *Miswak*, ginagamit niya ito habang nag-aayuno siya o kahit hindi nag-aayuno, at sa tuwing paggising, at kapag nagsasagawa ng Wudhu', at bago itayo ang Salah, at sa tuwing papasok ng bahay. siya ay gumamit ng isang uri ng sanga na tinatawag na "*A'raak*".

**PABANGO**

Ang Propeta ﷺ ay palagiang nagpapabango, at kaibig-ibig para sa kanya ang pabango.

**BALBAS AT BIGOTE**

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Salungatin ninyo ang mga Mushrikin, palaguin ninyo ang mga balbas at Gupitin ninyo ang mga bigote).

**ORAS**

Ayon kay Anas رضي الله عنه : "Nagtakda ng panahon para sa atin ang Propeta ﷺ sa paggupit ng bigote, pagputol ng mga kuko, pagbunot sa kilikili, at pag-aahit sa buhok sa ari, na hindi hahayaan ng higit sa apatnapung gabi."

## KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PANANALITA

**ANG PANANALITA NIYA ﷺ**

- Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Ang Propeta ﷺ ay hindi nagsasalita nang mabilis na tulad ng ginagawa ninyo na ito, sa halip siya ay nagsasalita nang malinaw, walang kamali-mali, na kung saan ang nakaupo kasama niya ay makakabisado ito agad".
- Sa tuwing magsasalita ang Propeta ﷺ ay uulitin niya nang tatlong beses ang kanyang mga salita upang ang mga kahulugan ay maunawaan nang lubos, at sa tuwing makasasalubong siya sa isang pangkat ng mga tao, babatiin niya ang mga ito ng *As-Salam*, at inuulit niya ang pagbati na ito nang tatlong beses.
- Ang Propeta ﷺ ay hindi nagsasalita kapag hindi naman kailangan, gayunpaman kapag siya ay nagsalita, siya ay nagsasalita nang maigsi, may kaunting mga salita na may dakila at makabuluhang kahulugan.
- Hindi siya kailanman nagsalita sa mga bagay na wala siya kinalaman dito, sa halip ay nagsasalita siya tungkol sa mga bagay na inaasahan niyang makakuha ng gantimpala mula rito.
- Hindi siya kailanman nagsalita nang bastos, at malaswang salita, ni hindi siya palasigaw.

| KATURAAN NG PROPETA ﷺ SA PANANALITA, PAGTAWA, PAG-IYAK, AT SERMON | | |
|---|---|---|
| | KANYANG TAWA | **Ang kanyang ﷺ tawa ay puro ngiti, at ang pinakarurok ng tawa niya ay isang ngiti na kung saan makikita ang kanyang mga ngipin bagang.** |
| | PAG-IYAK NIYA ﷺ | - **Ang Propeta ﷺ ay kailaman ay hindi humagulgol sa pag-iyak, subalit ang kanyang mga mata ay bumubuhos ng luha, at maririnig mula sa kanyang dibdib ang agahas.**<br>- **Minsan ay umiiyak siya bilang awa para sa namatay o takot para sa kanyang Ummah o pakikiramay o mula sa takot sa Allah o kung minsan kapag nakikinig sa Quran.** |
| | SERMON NIYA ﷺ | - **Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng *Khutbah* nang nakatayo sa lupa (o sahig) o kaya naman ay sa ibabaw ng *Mimbar*, o kaya naman aay habang nakasakay sa kamelyo.**<br>- **Ayon kay Jaber رضي الله عنه : "Sa tuwing magbibigay ng Sermon ang Sugo ng Allah ﷺ ay namumula ang kanyang dalawang mata, at tumataas ang boses niya, at tumitindi ang kanyang galit hanggang sa para na siyang isang nagbibigay ng babala sa mga sundalo laban sa mga kalaban".**<br>- **Sa tuwing nagbibigay siya ng *Khutbah* ay nagsisimula siya sa pamamagitan ng *Hamadalah* (pagpuri) sa Allah.**<br>- **Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng Sermon sa anumang oras na kinakailangan at sa ikabubuti ng mga pinangungusapang tao.** |

# Ikalawang Pagsusulit

| TANONG | TAMA | MALI |
|---|---|---|
| ۞ Kapag sinuut niya ang kanyang damit ay nagsisimula ito sa kanan niya | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang karamihan sa kanyang pagkain ay nakalagay sa lapag na may sapin, at ito ang kayang hapag-kainan. | ☐ | ☐ |
| ۞ Kapag siya naglakbay at nakarating mula rito, hindi niya kinakatok ang pinto sa gabi, at ito ay ipinagbabawal niya. | ☐ | ☐ |
| ۞ Kung minsan, Siya ay nagtali ng isang bato sa kanyang tiyan dahil sa kagutuman at kung minsan naman ay nabubusog siya. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang Propeta ﷺ ay gumagamit ng gamot, at siya ay gumamit ng pagpapaso ng sugat ngunit hindi niya hinahangad ito mula sa iba, nagsagawa siya ng Ruqyah ngunit hindi niya hinahangad ito para sa kanyang sarili mula sa iba. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang Propeta ﷺ ay hindi ginawa ang mga Gawain ng mga tauhan ng Wiswas (Bulong ng Shaytan), tulad ng pagdi-dhikr na may kasamang sayaw, pag-uulit ng tinig ng isang tao sa kanilang tiyan, pagtalon, atbp. na ginagawa ng mga kampon ng Shaytan. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang Propeta ﷺ ay isinugo para sa Al-Hanifiyah at ang salungat nito ay: Shirk at pagbabawal sa Halal. | ☐ | ☐ |
| ۞ Siya ay mayroong 7 mga anak: 4 na anak na lalaki at 3 anak na babae. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang lahat ng kanyang mga anak ay mula kay Khadeejah رضي الله عنها at hindi siya nagkaroon ng anak sa iba pang asawa niya. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang lahat ng kanyang mga anak ay naunang pumanaw sa kanya. | ☐ | ☐ |
| ۞ Walang pagtatalo na siya ay pumanaw at naiwan ang 9 na asawa: A'ishah, Zaynab bint Jahsh, Hafsah, Ummu Salamah, Safiyyah, Ummu Habeebah, Maymunah, Sawdah at Juwairiyah -رضي الله عنهن-. | ☐ | ☐ |
| ۞ Ang Allah ay nagpadala ng pagbati ng Salam at si anghel Jibril kay Khadeejah, at ito ay karangalan na bukod-tangi lamang sa kanya, at walang napag-alaman na babae na nagbigyan ng katulad nito. | ☐ | ☐ |

۞ Ang pinaka-kaibig-ibig na kulay sa Propeta ﷺ: ☐ Puti ☐ Itim ☐ Anuman kulay ang madali sa kanya.
۞ Ang damit ng Propeta ﷺ: ☐ Hindi siya nagsusuot ng damit na gawa sa lana ☐ nagsusuot siya ng damit na gawa sa koton at de lino ☐ Nagsusuot siya kung ano ang mayroon siya ☐ Una at Pangalawa lamang.
۞ Ang damit ng Propeta ﷺ: ☐ Ang pinakamahal na damit ☐ pinakamura na damit dahil sa kanyang Zuhd ☐ Katamtaman lamang.

۞ Nagsasabi ang Propeta ﷺ ng Bismillah at Alhamdulillah: ☐ sa simula ☐ sa huli ☐ sa simula at huli ng kanyang pagkain.
۞ Siya ay palagi umiinom habang naka: ☐ Upo ☐ Nakatayo ☐ lahat ng nabanggit.
۞ Sinabi ng Propeta ﷺ: (Naging kaibig-ibig sa akin sa Mundo ninyo): ☐ Ang mga kababaihan ☐ pabango ☐ lahat ng nabanggit.
۞ Sinabi ng Propeta ﷺ: (ngunit ang aking kaginhawahan ay): ☐ Jannah ☐ Salah ☐ Lahat ng nabanggit
۞ Ang kanyang talambuhay ﷺ kasama ng mga asawa niya ay: ☐ magandang pakikitungo ☐ mabuting pag-uugali ☐ Lahat ng nabanggit.
۞ Ayon kay Anas ؓ: "Nagtakda ng panahon para sa atin ang Propeta ﷺ sa paggupit ng bigote, pagputol ng mga kuko, pagbunot sa kilikili, na hindi hahayaan ng higit sa: ☐ Tatlumpung gabi ☐ Apatnapung gabi ☐ limampung gabi.
۞ Ang katuruan ng Propeta ﷺ sa pag-ahit ng buhok: ☐ inaahit ang ilan at iniiwan ang ilan ☐ iniiwan ang lahat ng kanyang buhok o aahitin niya ang lahat ng ito.
۞ Gustung-gusto ng Propeta ﷺ ang paggamit ng Miswak, ginagamit niya ito habang: ☐ hindi nag-aayuno ☐ nag-aayuno ☐ Lahat ng nabanggit.
۞ Ang kanyang ﷺ tawa ay: ☐ lahat puro ngiti ☐ ang karamihan nito ay ngiti.
۞ Isinugo ang Propeta ﷺ sa: ☐ Lahat ng tao ☐ sa lahat ng Jinn at Tao.
۞ Ang pinakamainam na anak na babae ng Propeta ﷺ ay si: ☐ Fatimah ☐ Zaynab
۞ Walang rebelasyon ang ipinahayag sa Propeta ﷺ habang nasa kandungan ng ibang babae liban sa kandungan ni: ☐ Hafsah ☐ Ummu ☐ Salamah A'ishah.

| Ang Propeta ﷺ ay: | Janazah | Imbitasyon | Sa Mga Balo, Dukha, Mahihina Sa Kanilang Pangangailangan | May-Sakit |
|---|---|---|---|---|
| Bumibisita Sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Dumadalo Sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Tumutugon Sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Tumutulong Sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Mula sa mga gawain ng Propeta ﷺ ay: | Ang Tupa | Ladrilyo Nang Magtayo Sila Ng Masjid | Ang Mga Tinik Sa Kanyang Damit Gamit Ang Kamay Niya | Sandalyas Gamit Ang Kanyang Mga Kamay | Kanyang Pamilya At Sa Kanyang Sarili |
|---|---|---|---|---|---|
| Inayos Ang | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Tinatanggal | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ginatasan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Nagsilbi Sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Nagbuhat Ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Kabilang sa Fitrah: | Kuko | Kilikili | buhok sa ari | balbal | bigote |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggupit ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pagpapalago ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pagputol ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pagbunot ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Pag-ahit ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Ang Katuruan ng Propeta ﷺ sa pagkain: | Ang wala | Kinain nito | iniiwan niya ito nang walang pagbabawal | Ang mayroon |
|---|---|---|---|---|
| hindi niya inaayawan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| hindi na hinahanap pa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| ang lahat ng pagkain Halal na inaalok sa kanya ay | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| maliban na laman kung hindi niya ito nagustuhan ay | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Ang Propeta ﷺ ay: | kapag natatapos na siya | Pagkain | Isang daliri | Limang daliri | Tatlong daliri |
|---|---|---|---|---|---|
| Kumakain siya gamit ang | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| sasairin niya ang | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Siya ay mas marangal kaysa sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang mapagmataas na tao kumakain gamit ang | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang suwapang na matakaw ay kumakain gamit ang | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

# Kahigitan ng Propeta ﷺ

KAHIGITAN NG PROPETA ﷺ

| | |
|---|---|
| ISINUGO NA DALA ANG RELIHIYONG AL-HANIFIYAH AS-SAMHAH | Ayon kay Ibn Al-Qayyim رحمه الله : "Ang pagkakasugo ng Propeta ﷺ ay isang pinagsamang purong *Tawheed* (*Al-Hanifiyah*) at Mapag-umanhin [Madali] (*As-Samhah*) at ang kabaligtaran nito ay ang pagtatambal (*Shirk*) at pagtuturing sa bagay na *Halal* na *Haram*". |
| ISINUGO TUNGO SA MGA JINN AT TAO | Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang mga Propeta ay ipinapadala sa kanilang sariling mga pamayanan, at samantalang ako ay isinugo sa buong sangkatauhan). |
| AKLAT NIYA AT DAWAH NIYA | Sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Ali Lam Ra. Ito ang aklat na ipinahayag Namin sa iyo O' Muhammad upang ilabas ang mga tao mula sa kadiliman tungo sa liwanag sa pahintulot ng kanilang Panginoon tungo sa landas ng Makapangyarihan at Kapuri-puri*﴾ [14:1]. |
| MGA TANDA NIYA | Ang pinakadakila sa kanyang mga palatandaan ay ang Al-Qur'an at walang propeta o sugo na nauna sa kanya na binigyan ng tanda maliban lamang na mayroon siyang bahagi dito. |
| PAG-MAMAHAL SA KANYA AY BAHAGI NG IMAM | Sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi magiging ganap ang pananampalataya ng isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa anak niya, magulang niya, at sa lahat ng tao). |
| HATOL SA SINUMAN NA KINASUK-LAMAN SIYA | Sinumang kinasuklaman niya ang Propeta ﷺ ay maiituring na isang Kafir, Malaking Kufr; Sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Tunay na ang nagalit sa iyo ang siyang napahamak*﴾ [108:3]. |
| KHALIL Kaibigan ng Allah | Sinabi ng Propeta ﷺ: (Tunay na ang Allah ay hinirang ako bilang malugod na kaibigan katulad ng pagkakahirang kay Ibraheem bilang malugod na kaibigan). |
| ISA SA MGA PROPETANG TINAWAG NA ULUL-AZMI | Sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Banggitin, nang nakipagtipanan Kami sa mga propeta at sa iyo at kina Noah, Abraham, Moses at Jesus na anak ni Maria. Kami ay kumuha sa kanila ng kasunduang matibay*﴾ [33:7]. |
| KAALAMAN NIYA | Sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi ba ako ang pinakalubos na nakaaalam tungkol sa Allah?). at Sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Sabihin O Muhammad, 'Hindi ko sinasabi sa inyo na nasa akin ang mga imbakan ng Allah at hindi ko nalalaman ang mga nalilingid at hindi ko sasabihin sa inyo, 'Tunay na ako ay anghel, subalit ako ay sumusunod lamang sa ipinahayag sa akin.'*﴾ [6:50]. |

| KAHIGITAN NG PROPETA ﷺ | | |
|---|---|---|
| | HATOL SA SINUMANG SUMUSUNOD SA KANYA AT SUMUWAY | Sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Sabihin O Muhammad, 'Kung kayo ay nagmamahal kay Allah ay sundin ninyo ako at mamahalin kayo ni Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan*﴾ **[3:33], at sinabi pa**: ﴿*Kaya huwag kayong panghinaan ng loob o malungkot habang kayo ay nangingibabaw, kung kayo ay mga mananampalataya*﴾ **[3:138], at Sinabi ng Propeta** ﷺ: **(Lahat kayo ay papasok sa Paraiso maliban sa sinumang umayaw),** Sinabi: "At sino ang aayaw, o Sugo ng Allah?" Nagsabi siya: **(Ang sinumang sumunod sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay siyang tunay na umayaw). At sinabi pa ng Propeta** ﷺ: **(Hinamak ang sinumang sumalungat sa aking utos).** |
| | KANYANG UMMAH | **Sinabi ng Allah** ﷻ: ﴿*Kayo ang pinakamainam na nasyon na umusbong sa mga tao. Nag-uutos kayo ng kabutihan, nagbabawal kayo sa kasamaan at nananampalataya kayo sa Allah*﴾ **[3:110]. Sinabi ng Propeta** ﷺ: **(Ako'y sumusumpa sa siyang may hawak na aking buhay, Tunay na ako'y umaasa na kayo ay magiging kalahati ng mga maninirihan sa Paraiso).** |
| | KANYANG BAYAN | **Sinabi ng Allah** ﷻ: ﴿*Tunay na ang unang bahay sambahan na inilagay para sa tao ay ang nasa Makkah na pinagpala at gabay sa mga nilikha ۝ Naririto ang malilinaw na patunay tulad ng pook-tayuan ni Abraham. Sinumang pumasok dito ay ligtas. Obligasyon ng tao para sa Allah ang Peregrinasyon sa Makkah patungo sa Bahay sambahan sa Ka'bah para sa sinumang may kakayanang tumungo rito. Sinumang hindi manampalataya ay tunay na ang Allah ay walang pangangailangan sa Kanyang nilikha*﴾ **[3:96-97]. Ang Makkah ay isang sagrong bayan, Sinabi ng Propeta** ﷺ: **(Tunay na ang bayan na ito ay ginawang sagrado ng Allah mula noong araw na nilikha Niya ang mga kalangitan at kalupaan. kaya't ito ay sagrado sa pamamagitan ng kapasyahan ng Allah). at ito ay bayan ng mga Muslim hanggang sa muling pagkabuhay, Sinabi ng Propeta** ﷺ: **(Walang ng Hijrah [Paglikas] pagkatapos ng pagsakop sa Makkah).** |
| | KANYANG QIBLAH | **Ang *Qiblah* [Direksiyon ng Salah] ng Propeta ﷺ ay tungo sa *Ka'bah*, gayumpaman bago pa ito ay patungo sa *Baytul Maqdis*, Sinabi ng Allah** ﷻ: ﴿*Nakikita Namin ang pagharap ng iyong mukha O' Muhammad tungo sa langit at tiyak na ihaharap ka Namin sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na kalulugdan mo. Kaya iharap mo ang iyong mukha tungo sa direksiyon ng Masjidul Haram. Nasaan man kayo ay iharap ninyo ang mukha ninyo sa direksiyon nito*﴾ **[2:144].**<br><br>**At ang *Al-Masjidul Haram* ay siyang kauna-unahan Masjid na inilagay sa lupa, Ayon kay Abu Dhar** رضي الله عنه **: "Tinanong ko ang Sugo ng Allah ﷺ tungkol sa Masjid na unang itinatag sa mundo at sinabi niya: (Al-Masjidul Haram)".**<br><br>**At Sinabi ng Propeta** ﷺ: **(Sinuman ang dumating sa Al-Bayt [Ka'bah] at hindi nagsalita ng malalaswa, at hindi nakagawa ng pagsuway, siya ay uuwing katulad ng araw na siya ay ipanganak ng kanyang ina).** |

KAHIGITAN NG PROPETA ﷺ

KANYANG QIBLAH

**At Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang isang Salaah sa Masjidul-Haram ay katumbas ng isang daang libong Salah, at ang isang Salaah sa aking Masjid ay katumbas ng isang libong Salah, at ang isang Salah sa Baytul Maqdis ay katumbas ng limang daang Salah).**

**At Sinabi ng Propeta ﷺ: (At huwag kayong magmalabis sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid: Masjid sa Makkah, at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito).**

**At Sinabi ng Propeta ﷺ: (Kapag nagtungo kayo sa silid-palikuran para magdumi, huwag kayong humarap sa Qiblah at huwag din kayong tumalikod dito sa [oras ng] pag-ihi, gayundin sa pagdumi ngunit humarap kayo sa silangan o kanluran).**

# Pamilya at mga Asawa ng Propeta ﷺ

## ANG KANYANG MGA ANAK AY PITO: TATLONG LALAKI AT APAT NA BABAE

[1] Al-Qasim, at ito ang kanyang *Kunya* o katawagan “Abul Qasim”

[2] Zaynab رضي الله عنها

[3] Ruqayyah رضي الله عنها

[4] Ummu Kulthum رضي الله عنها

[5] Fatimah رضي الله عنها

[6] Abdullah, at binansagan na: At-Tayyib, at At-Tahir.

[7] Ibraheem, at siya ang anak ni Mariyah Al-Qibtiyah ang babaeng alipin ng Propeta ﷺ. Ang lahat ng anak ng Propeta ﷺ ay mula sa Khadeejah رضي الله عنها at walang ibang asawa.

Lahat ng anak niya ﷺ ay pumanaw bago pa man siya mamatay maliban kay Fatimah رضي الله عنها , dahil nahuli ang kanyang pagpanaw at ito ay nangyari lamang pagkatapos ng pagpanaw ang Propeta ﷺ pagkalipas ng anim na buwan.

Itinaas ng Allah ang katayuan ni Fatimah dahil sa kanyang pagtitiis at paghahangad ng gantimpala hanggang sa siya’y itinuturing na pinakamainam na babae at pinakahigit sa mga anak ng Propeta ﷺ.

## ANG KANYANG MGA TIYUHIN AY LABING ISA:

[1] Sayyidus Shuhadaa’ Hamzah رضي الله عنه

[2] Al-A’bbas رضي الله عنه

[3] Abu Talib, ang pangalan niya: Abdu Munaf

[4] Abu Lahb, ang pangalan niya: Abdul Uzza

[5] Az-Zubayr

[6]Abdul Ka’abah

[7] Al-Muqawwim

[8] Dhirar

[9] Qutham

[10] Al-Mugheerah, ang bangsag sa kanya: Hajal

[11] Al-Ghaydaq, ang pangalan niya: Mu’sab

Walang yumakap sa Islam mula sa mga tiyuhin ng Propeta ﷺ maliban kila Hamzah at Al-A’bbas رضي الله عنهما .

**TIYAHIN NIYA AY ANIM:**

[1] Safiyyah, at siya ina ni Az-Zubayr bin Al-Awwam.

[2] Ummu Hakeem Al-Baydhaa'.

[3] A'tikah

[4] Barrah

[5] Arwaa

[6] Umaymah

**PAGDADAGLAT SA MGA PANGALAN NG ASAWA NG PROPETA - HAJAZA SAKHRUN SAM-AHU -**

**HAJAZA حجز**

[HA, ح] = Hafsah Bint Umar Bin Al–Khattab رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[JIM, ج] = Juwayriyah Bint Al–Harith رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[ZAY, ز] = Zaynab Bint Jahsh رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا + Zaynab Bint Khuzaymah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

**SAKHRUN صخرٌ**

[SAD, ص] = Safiyyah Bint Huyyay Bin Akhtab رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[KHA, خ] = Khadeejah Bint Khuwaylid رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[RA, ر] = Ramlah Bint Abi Sufyan (Ummu Habibah) رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

**SAM-A-HU سمعه**

[SIN, س] = Sawdah Bint Zam'ah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[MIM, م] = Maymunah Bint Al–Harith رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[AYN, ع] = A'ishah Bint Abi Bakr رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[HA, ه] = Hind Bint Abi Umayyah (Ummu Salamah) رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

**KHADEEJAH -رضي الله عنها-**

Ang unang asawa ng Propeta ﷺ ay si Khadeejah Bint Khuwaylid Al-Qurashiyyah Al-Asdiyyah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا , pinakasalan niya ito bago ang pagkapropeta niya habang si Khadeejah noon ay apatnapung taong gulang na. Ang Propeta ﷺ ay hindi nagpakasal sa sinumang babae hanggang sa pumanaw si Khadeejah. Lahat ng mga anak Propeta ﷺ ay mula sa kanya maliban kay Ibraheem. Tumulong si Khadeejah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا sa Propeta ﷺ nang siya ay naging propeta at nakipaglaban kasama niya at ipinatanggol ang Propeta at ang Islam gamit ang kanyang buhay at kayamanan. At nagpadala ang Allah ﷻ kay Jibreel عَلَيْهِ السَّلَامُ ng pagbati ng Salam para kay Khadeejah, at ito ay bukod-tangi para sa kanya lamang, at wala ng ibang babae pa ang tumanggap ng naturang kahigitan maliban sa kanya. Pumanaw si Khadeeja رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا .

**SAWDAH -رضي الله عنها-**

Makalipas ng pagkamatay ni Khadeejah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا , Ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagpakasal kay Sawda bint Zam'ah Al-Qurashiyyah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا , at siya ang nagbigay sa kanyang gabi at ipinaubaya kay A'ishah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا .

**AISHAH** -رضي الله عنها-

**Pagkatapos ay pinakasalan ng Sugo ng Allah ﷺ si A'ishah As-Siddiqah Bint As-Siddiq رضي الله عنها, ang babaeng iniligtas mula sa itaas ng pitong kalangitan ng Allah mula sa mga naninirang-puri laban sa kanya, siya ang pinakamamahal na asawa ng Propeta ﷺ. Si A'isha رضي الله عنها ay ipinakita sa Propeta ﷺ sa isang panaginip ng isang anghel bago pa man niya ito pakasalan sa isang pirasong makinis na tela na nagsabing: "Ito ang iyong asawa", at pinakasalan siya ng Propeta ﷺ sa buwan ng Shawwal ng siya ay anim na taong gulang pa lamang. subalit nagsama sila sa buwan ng Shawwal sa unang taon ng Hijrah sa Madinah, at noon siya ay siyam na taong gulang na. At walang pinakasalan ang Propeta ﷺ na babaeng birhen maliban sa kanya. at walang rebelasyon ang ipinahayag sa Propeta habang nasa kandungan ng ibang asawa niya liban sa kandungan ni A'ishah رضي الله عنها. At siya ang pinakamamahal niyang tao, at bumaba ang paumahin niya mula sa kalangitan, at pinagkasunduan ng buong Ummah na ang sinumang panirang-puri sa kanya ang hahatulan ng Kufr. At siya ang pinakamarunong na babae at pinakamaalam sa buong Ummah sa batas ng Islam, at kabilang siya sa mga malalaking iskolar mula sa mga Sahabah ng Propeta ﷺ na kung saan ay pinagtatanungan at sinasanggunian hinggil sa mga usapin sa batas ng Islam.**

**HAFSAH** -رضي الله عنها-

**Pagkatapos ay pinakasalan niya si Hafsah bint Umar bin Al-Khattab رضي الله عنها, at siya yumakap sa Islam kasama ng kanyang naunang asawa na si Khunais bin Hudhafah As-Sahmiy رضي الله عنه , at nag-Hijrah kasama niya patungong Madinah, at namatay rin ito pagtapos ng labanan sa Uhud, at doon lamang pinakasalan siya ng sugo ng Allah ﷺ.**

**ZAYNAB BNIT KHUZAYMAH** -رضي الله عنها-

**Pagkatapos pinakasalan niya si Zaynab bint Khuzaymah bin Al-Harith Al-Qaysiyyah رضي الله عنها mula sa Bani Hilal bin Amer, subalit namatay siya dalawang buwan matapos ang kasal niya sa Propeta ﷺ. At siya ang tinaguriang Ummul Masakeen (Ina ng mga mahihirap).**

**UMMU SALAMAH** -رضي الله عنها-

**Pagkatapos pinakasalan niya si Ummu Salamah, Hind Bint Abi Umayyah Al-Qurayshiyyah Al-Makhzumiyyah رضي الله عنها , at pangalan ni Abi Umayyah: Hudhayfah bin Al-Mugheerah. Si Ummu Salamah ang kahuli-hulihang pumanaw sa mga asawa ng Propeta ﷺ, At pumanaw siya noong ika-62 ng Hijrah.**

**JUWAYRIYAH** -رضي الله عنها-

**At pinakasalan niya si Juwayriyah bint Al-Harith bin Abi Dhirar Al-Mustaliqiyyah رضي الله عنها siya ay nabihag ng mga Muslim mula sa Bani Mustaliq. at tumungo siya sa Propeta ﷺ para humingi ng tulong upang mabayaran ang Kalayaan niya mula sa nakabihag sa kanya, kaya't binayaran ng Sugo ng Allah ﷺ ang kasunduan na iyon at pinakasalan niya ito.**

**ZAYNAB BINT JAHSH -رضي الله عنها-**

Pagkatapos pinakasalan niya si Zaynab bint Jahsh رضي الله عنها , siya ay mula sa Bani Asad bin Khuzaymah, at siya ay anak ng tiyahin ng Sugo ng Allah ﷺ. At noon siya ay asawa ni Zayd Bin Harithah رضي الله عنه na itunuturing na anak ng Sugo ng Allah ﷺ, subalit hiniwalayan siya ni Zayd kaya't ibinababa ang talata tungkol sa kanya upang maging huwaran ito sa Ummah sa pagpapakasal sa mga dating asawa ng mga inampon na anak, sinabi ng Allah ﷻ: ﴿*Nang ginawa ni Zaid na siya ay hiwalayan ay pinaasawa ka Namin sa kanya*﴾ [33:37]. At ito ay ipinagmamalaki ni Zaynab bint Jahsh sa ibang mga asawa ng Propeta ﷺ at sinasabi niya: "Ipinakasal kayo ng iyong mga pamilya, at ako ay ipinakasal ng Allah mula sa ibabaw ng pitong kalangitan". kaya't kabilang sa kahigitan nito ay ang kanyang Waliy sa kasal ay ang Allah na Siyang nagkasal sa Sugo Niya ﷺ mula sa ibabaw ng kalangitan. At siya ay pumanaw sa unang taon ng pamumuno ni Umar Bin Al-Khattab.

**UMMU HABIBAH -رضي الله عنها-**

Pagkatapos pinakasalan niya si Ummu Habibah رضي الله عنها , ang pangalan niya ay Ramlah Bint Abi Sufyan Sakhar bin Harb Al-Qurayshiyyah Al-Umawiyyah. Pinakasalan siya ng Propeta ﷺ habang nasa paglikas siya sa bayan ng *Habashah*, at ang nagbigay ng dote sa kanya ay ang *Najashiy* sa halagang apat na daang Dinar, pagkatapos ay dinala siya sa Sugo ﷺ mula doon. At pumanaw siya sa panahon ng pamumuno ng kanyang kapatid na si Mu'awiyah رضي الله عنه .

**SAFIYYAH -رضي الله عنها-**

Pagkatapos pinakasalan niya si Safiyyah bint Huyyay bin Akhtab ang pinuno ng Bani Nadhir. Si Safiyyah رضي الله عنها ay mula sa kaapu-apuan ni Harun bin Imran na kapatid ni Propeta Musa عليه السلام, samakatuwid siya ay apo na babae ng isang propeta at asawa ng isang propeta. At siya ay isa sa mga pinaka magagandang babae. Naging bihag siya sa isang labanan kaya't pinalaya siya ng Propeta ﷺ, at ginawa niya itong dote, kalaunan ay naging Sunnah ito.

**MAYMUNAH -رضي الله عنها-**

Pagkatapos pinakasalan niya si Maymunah Binti Al-Harith Al-Hilaliyyah رضي الله عنها , siya ang huling pinakasalan ng Propeta ﷺ. at pinakasalan niya ito sa Makkah matapos ang kabayarang Umrah, matapos na makalabas siya sa kalagayang Ihram.

Walang pagsasalungat na ang Propeta ﷺ ay pumanaw at naiwan niya ang siyam na mga asawa, at ang unang namatay mula sa mga asawa niya matapos niyang pumanaw ay si Zaynab bint Jahsh رضي الله عنها noong ika-20 ng Hijrah, at ang huling namatay sa kanila ay si Ummu Salamah رضي الله عنها noong ika-62 ng Hijrah sa panahon ng pamumuno ni Yazid bin Mu'awiyyah.

# Pangalawang Bahagi: Talambuhay ng Propeta ﷺ

# Unang Kabanata: Bago ang Pagka-Propeta

**KAPANGANAKAN**

**Ipinanganak ang Propeta ﷺ sa Makkah sa taon ng Al-Fil o pangyayari tungkol sa elepante, umaga ng lunes mula sa buwan ng Rabi'ul Awwal, 53 na taon bago ang Hijrah. Ito'y tumatapat sa taong 571 CE.**
**At Nangyari ang hinggil sa Elepante, bilang pambungad ng Allah sa Kanyang Sugo at sa Kanyang sagradong bahay ang Ka'bah.**

**AMA**

**Abdullah bin Abdil Muttalib, siya ay pumanaw habang nasa sinapupunan pa lamang ang Sugo ng Allah ﷺ, kaya't ipinanganak na ulila ang Propeta ﷺ.**

**INA**

**Aminah bint Wahb, mula sa Bani Zuhrah, at pumanaw siya bago naging ganap na pitong taon gulang ang Propeta ﷺ.**

**TAGAPAG-ALAGA**

**Pagkatapos na pumanaw ng kanyang inang si Aminah, siya ay inilagay sa pangangalaga ng kanyang lolong si Abdul Muttalib na pumanaw rin habang ang Propeta ﷺ ay nasa walong taong gulang, kaya't inilagay siyang muli sa pangangalaga ng kanyang tiyuhin na si Abu Talib, na nagngangalang Abdu Munaf.**

**NAGPASUSO**

**THUWAYBAH**

**Ang Alipin ni Abu Lahb. Si Thuwaybah ay nagpasuso kay Propeta ﷺ kasama niya si Abu Salamah Abdullah bin Abdul Asad Al-Makhzumiy kasabay ng anak nito na si Masruh, at pinasuso rin kasama nilang dalawa ang kanilang tiyuhin na si Hamzah bin Abdil Muttalib رضي الله عنه .**

**HALIMAH AS-SADIYYAH**

**Pinasuso niya ang Propeta ﷺ kasabay ng anak niya na si Abdullah na kapatid ni Anisah at si Judhamah na may palayaw na Ash-Shayma, mga anak ni Al-Harith bin Abdil Uzza bin Rafa'ah As-Sa'diy, At pinasuso niya rin ang anak ng tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Abu Sufyan bin Al-Harith bin Abdil Muttalib رضي الله عنه .**

**NAG-ALAGA NOONG SANGGOL PA LAMANG**

| AMINAH | THUWAYBAH, ALIPIN NI ABU LAHAB | HALIMAH BINT ABI DHU'AYB AS-SA'DIYYAH |
|---|---|---|

**ASH-SHAYMAH**

**Anak ni Halimah As-Sa'diyyah, at kapatid ng Propeta ﷺ sa gatas, at siya ay isa sa mga dumating sa Propeta ﷺ kasama ang delegasyon ng Hawazan, at nilatag ng Propeta ﷺ ang kanyang damit, at pinaupo rito si Ash-Shaymah bilang pagpapahalaga sa karapatan nito bilang kapatid nito sa gatas.**

| | | |
|---|---|---|
| NAG-ALAGA NOONG SANGGOL PA LAMANG | UMMU AYMAN | Siya si Barakah Al-Habashiyyah ﷺ , Minana ito ng Propeta ﷺ mula sa kanya ama at naging komadrona sa ina ng Propeta ﷺ.<br><br>At ipina-asawa siya ng Propeta ﷺ sa kanyang ampon na si Zayd bin Harithah at pagkatapos ay nagkaroon sila ng anak na lalaki na si Usamah ibn Zayd ﷺ .<br><br>At siya ang naabutan nila Abu Bakr at Umar ﷺ pagkatapos ng pagyao ng Propeta ﷺ, na umiiyak, sinabi ng dalawa: "Bakit ka umiiyak? Tiyak na kung ano ang mayroon sa Allah ay kabutihan para sa Sugo Niya ﷺ?", at sinabi niya: "Alam ko na kung ano ang mayroon sa Allah ay kabutihan para sa Sugo Niya ﷺ, at Tunay na ang Sugo ng Allah ﷺ ay nasa mabuting kalagayan, subalit ako'y umiiyak dahil ang rebelasyon ay tumigil na mula sa kalangitan!!" ang mga salitang ito ay nagdulot din sa dalawa na umiyak kasama niya. |
| TRABAHO | | Siya ay tagapastol ng mga tupa, at ito ang naging dahilan sa pagkakaroon niya ng katangian tulad ng pagtitiis, habag sa mga mahihina, at pangangalaga sa kanila.<br>Sinabi ng Propeta ﷺ: (Walang ipinadala ang Allah na propeta, maliban na ito ay nagpastol ng tupa), sinabi ng mga Sahabah: "At ikaw?" Sinabi niya: (Oo, ako'y nagpapastol noon sa tupa kapalit ng mga karat (Ginto) ng mga taga Makkah). |
| HANAP-BUHAY AT PAG-AASAWA NIYA | | Noong Siya ay dalawampu't limang taong gulang, pumunta siya patungong Sham [Syria] para sa kalakalan, at siya ay nakarating sa Busrah at mula roon ay bumalik patungon Makkah, pagkatapos ng pagbabalik niya ay ikinasal siya kay Khadeejah bint Khuwaylid ﷺ ang kauna-unahang asawa niya. |
| PAGTATAYO MULI SA KABAH | | Nang Siya ay tatlumpu't limang taong gulang ang Ka'bah ay nawasak kaya nagpasya ang tribo ng Quraysh na itayo itong muli at ipinamahagi ang iba't ibang mga tungkulin sa iba't ibang mga pamilya ng Quraysh, gayumpaman nang dumating na ang pagkakataon sa pagkukumpuni sa lalagyan ng Hajarul Aswad, nagkaroon ng pagtatalo na kung sino ang maglalagay ng Hajarul-Aswad o itim na bato sa kinalalagyan nito, ang pagtatalo na ito ay nagpatuloy at tumagal ng limang gabi hanggang sa napagkasunduan nila na ang sinumang unang papasok sa kanila sa pintuan ng Masjid ay siyang maghahatol sa pagitan nila. at itinakda naman ng Allah na ang Propeta ﷺ ang unang pumasok, kaya't humingi siya ng tela at inilagay ang itim na bato sa gitna nito at hiniling niya sa bawat pinuno ng bawat pamilya na magsihawak sa bawat dulo ng tela, at inutusan silang itaas ito at ng makarating sila sa lugar nito ay kinuha ito ng Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kamay at siya ang naglagay sa lugar nito. |
| PAG-IISA | | Ayon kay A'ishah ﷺ : "Ginawang kaibig-ibig sa para sa kanya ang pag-iisa, at Siya ay madalas na pumapasok nang mag-isa sa yungib ng Hira upang sumamba nang patuloy sa maraming mga araw" at naging kasuklam-suklam sa kanya ang mga rebulto at relihiyon ng kanyang pamayanan, at walang bagay na kasuklam-suklam para sa kanya na hihigit sa bagay na iyon. |

# Unang Kabanata: Pagsisimula ng Rebelasyon

**Nang siya ay umabot ng apatnapung taong gulang, ang liwanag ng Pagka-Propeta ay sumisikat na sa kanya at pinarangalan siya ng Allah ﷻ ng Kanyang mensahe araw ng Lunes.**

ANG KANYANG PAGKA-PROPETA ﷺ

**Inulat ni Aishah رضي الله عنها ang Ina ng mga mananampalataya na kanyang sinabi: (Ang pagsisimula ng Banal na rebelasyon sa Sugo ng Allah ﷺ ay nasa anyo ng mabuti at totoong mga panaginip sa pagtulog, at lahat ng nakikita niyang pangitain ay nagiging totoo at natutupad tulad ng maliwanag na sinag ng araw. At pagkatapos ay ginawang kaibig-ibig para sa kanya ang pag-iisa, at Siya ay madalas na pumapasok nang mag-isa sa yungib ng Hira upang sumamba nang patuloy sa maraming mga araw hanggang sa siya ay magnais na bumalik sa kanyang pamilya. Kaniyang dinadala sa kanyang paglalakbay ang pagkain para sa pamamalagi niya roon at pagkatapos ay muli siyang bumabalik sa (kanyang asawang) si Khadeejah upang kunin ang kanyang baong pagkain, hanggang sa biglang dumating ang Katotohanan sa kanya habang siya ay nasa yungib ng Hira. At ang anghel ay dumating sa Kanya at sinabi *"Iqra"* basahin mo! At sumagot ang Propeta ﷺ, (Hindi ko alam kung paano magbasa) dagdag pa ng Propeta ﷺ: (kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa hindi ko na makayanan pa. pinakawalan niya ako at muling sinabi: *"Iqra"* Basahin mo! At sumagot ako, "Hindi ko alam kung paano magbasa." At muli sa pangalawang pagkakataon kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa hindi ko na makayanan pa. pinakawalan niya ako at muling sinabi: *"Iqra"* Basahin mo! At sumagot ako "Hindi ko alam kung paano magbasa." At muli sa pangatlong pagkakataon kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa pinakawalan niya ako at kanyang sinabi: *﴾Bigkasin mo, O Muhammad, ang anumang ipinahayag sa iyo na mula sa Dakilang Qur'ân bilang iyong pagsisimula! Sa Pangalan ng iyong 'Rabb' na Bukod-Tanging Tagapaglikha, na Siya ang lumikha ng lahat ng tao mula sa namuong dugo na malapot. Bigkasin mo, O Muhammad, ang anumang ipinahayag sa iyo! At katiyakan, ang iyong 'Rabb' ay sagana sa kabutihan at malawak ang kagandahang-loob﴿* [96:1-3] At ang Sugo ng Allah ﷺ ay bumalik sa kanyang tahanan na may dalang rebelasyon at ang kanyang puso labis na nanginig at nabahala. Pagkatapos ay nagpunta siya kay Khadeejah bint Khuwaylid at sinabi, (Takpan mo ako! Takpan mo ako!) Agad naman siyang tinakpan hanggang sa mawala na ang kanyang takot at pagkatapos, sinabi niya sa kanya ang lahat ng nangyari at sinabi, (Natatakot ako para sa aking sarili na maaaring mangyari sa akin ang isang bagay.) At tumugon si Khadeejah: "Huwag kailanman, sumpa man sa Allah ﷻ hindi ka kailanman ipapahamak ng Allah ﷻ, dahil pinananatili mo ang mabuting ugnayan sa iyong kapwa at kamag-anak, tinutulungan mo ang mga mahihirap at ang mga dukha, naglilingkod ka sa iyong mga bisita nang napakamabuti at tinutulungan mo ang mga karapat-dapat tulungan." Pagkatapos ay sinamahan siya ni Khadeejah sa kanyang pinsan na si Waraqa bin Naufal bin Asad bin 'Abdul' Uzza, na noong panahong bago duamating ang Islam ay naging isang Kristiyano at ang isang maalam sa pagsusulat sa mga titik na Hebreo. At siya ay taga-sulat ng Ebanghelyo gamit ang mga titik na Hebro at sinusulat niya ang anumang nais niyang isulat mula Ebanghelyo. Siya ay isang matandang lalaki at nawala na kanyang mga paningin. Sinabi ni Khadeejah kay Waraqa, "Pakinggan mo ang kuwento ng iyong pamangkin, O aking pinsan!" Tinanong ni Waraqa, "O aking**

pamangkin! Anong nakita mo? "Ang propeta ng Allah ﷺ ay inilarawan ang anumang nakita niya. Sinabi ni Waraqa, "Ito ang parehong "Naamoos" takapagtago ng mga lihim (anghel Gabriel) na ipinadala ng Allah kay Moises. Sana'y nagging bata pa ako at maaaring pang mabuhay hanggang sa ang oras kapag ang iyong mga kababayan ay papalayasin ka." At ang sugo ng Allah ﷺ ay nagtanong, (papalayasin ba nila ako?) Sumagot si Waraqah: "Oo" at sinabing, "Ang sinumang tao na dumating na may katulad na bagay na iyong dinala ay tunay na inapi at pinahirapan, at kung ako ay mananatiling buhay hanggang sa araw mong iyon ay Susuportahan kita nang napakalakas." Ngunit pagkatapos ng ilang araw, si Waraqah ay namatay at ang banal na rebelasyon pansamatalang tumigil" At sinabi ng Propeta ﷺ: (Habang naglalakad ako, bigla kong narinig ang isang tinig mula sa kalangitan. Tumingala ako at nakita ko ang isang anghel na bumisita sa akin sa yungib ng Hira 'na nakaupo sa upuan sa pagitan ng kalangitan at ng lupa. Natakot ako sa kanya at agad akong bumalik sa bahay at nagsabi ko "Takpan mo ako! Takpan mo ako!" (ng mga kumot). At pagkatapos ay ipinahayag ng Allah ang mga sumusunod na Banal na mga talata mula sa Quran: ﴾*O ikaw Muhammad na nagbalabal (o nagtakip ng buong katawan) sa pamamagitan ng iyong kasuotan! Tumayo ka mula sa iyong higaan at balaan mo ang mga tao mula sa parusa ng Allâh!*﴿ hanggang sa ﴾*at manatili ka sa paglayo sa mga diyus-diyusan*﴿ at pagkatapos ng kapahayagan sa talatang ito, ang paghahayag ay nagsimula nang maging sunud-sunod, madalas at palagian).

## BAHAGDAN NG PAGDATING NG REBALASYON

| | |
|---|---|
| [1] MABUTI AT TOTOONG MGA PANGITAIN | At ito ang naging simula ng rebelasyon sa Propeta ﷺ, Sinabi ni A'ishah رضي الله عنها : **"At lahat ng nakikita niyang pangitain ay nagiging totoo at natutupad tulad ng maliwanag na sinag ng araw".** |
| [2] PAGPAPAHAYAG DIREKTA SA KANYANG PUSO | Minsan ang Anghel Jibreel ay lalapit sa kanya at ihahayag ang rebelasyon nang diretso sa kanyang puso nang hindi siya nakikita ng Propeta ﷺ, Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang matapat na espiritu ay umihip sa aking puso at sinabi sa akin…) |
| [3] ANGHEL SA KATAWANG TAO | Sinabi ng Propeta ﷺ: (At minsan naman dumarating sa akin ang isang Anghel sa anyo ng isang tao at saka niya ako kauusapin at mauunawaan ko ang kanyang mga sinasabi), at sa yugtong ito ay nakikita rin siya ng mga Sahabah رضي الله عنهم. |
| [4] KALANGSING NG KAMPANILYA | Sinabi ng Propeta ﷺ: (Minsan ay dumarating sa akin na katulad ng isang kalangsing ng kampanilya, at ang uri na ito ang pinakamatindi para sa akin. At mawawala lamang ito sa akin kapag akin nang naunawaan ang mga inihayag sa akin), at Sinabi ni A'ishah رضي الله عنها : **"Tunay na nakita ko ang sugo ng Allah ﷺ sa isang napakalamig na araw at napansin ko ang pawis na tumatagaktak mula sa kanyang noo habang bumababa sa kanya ng rebelasyon."**, bagkus kahit na ang kanyang kamelyo ay napapa-upo nalang sa lupa kapag siya nakasakay dito. |
| [5] ANGHEL SA TUNAY NITONG ANYO | Minsan nakita ng Propeta ﷺ ang anghel sa kanyang likas na anyo kapag tumatanggap ng rebelasyon, at naganap ito nang dalawang beses tulad ng binanggit ng Allah ﷻ sa Surah An-Najm. |
| [6] REBELASYON MULA SA ALLAH | Ito ang ipinahayag ng Allah ﷻ nang direkta sa kanya ﷺ mula sa itaas ng pitong kalangitan sa gabi ng Mi'raj, tulad halimbawa ang kapahayagan sa pag-uubliga ng Salah, at iba pa. |
| [7] PAKIKIPAG-USAP NG ALLAH SA KANYA | Noong nakipag-usap sa kanya ang Allah ﷻ nang direkta na walang Anghel na tagapamagitan, tulad ng pakikapag-usap ng Allah ﷻ nang direkta kay Musa عليه السلام. |

**UNANG IPINAHAYAG SA KANYA**

**Ang unang limang Talata ng surah Al-'Alaq:**

﴿اقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ۞ خَلَقَ الْإِنسَانَ مِنْ عَلَقٍ ۞ اقْرَأْ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ ۞ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ۞ عَلَّمَ الْإِنسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ﴾

*((Bumasa, sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha, Lumikha sa tao mula sa namuong laman na nakabitin sa sinapupunan. Bumasa at ang iyong Panginoon ang pinakamapagbigay. Ang nagturo sa pamamagitan ng panulat. Nagturo sa tao ng hindi niya nalaman))* **[96:5].**

**BAHAGDAN NG DAWAH**

**[1] Pagka Propeta**

**[2] Magbigay ng babala sa kanyang malapit na pamilya**

**[3] Magbigay ng babala sa kanyang pamayanan**

**[4] Magbigay ng babala sa lahat ng pamayanan na hindi dumating sa kanila ang tagapagbabala bago pa ang panahon ng Propeta ﷺ, at ito ang lahat ng mga Arabo.**

**[5] Magbigay ng babala sa lahat ng inaabutan ng panawagan mula mg Jinn at tao hanggang sa huling panahon.**

**BAITANG NG DAWAH**

**[1] *DA'WAH SIRRIYYAH* (Patagong Pag-Anyaya): Tumagal ng tatlong taon.**

**[2] *DA'WAH JAHRIYYAH* (Lantarang Pa-Anyaya): Ito ay nangyari lamang ito noong inutos na sa kanya: ﴿*Ipabatid mo kung ano ang iniutos sa iyo*﴾[15:96].**

**ANG UNANG MGA MANANAMPALATAYA**

| | |
|---|---|
| **SA KALALAKIHAN:**<br>**Abu Bakr Assiddiq** | **SA KABABAIHAN:**<br>**Khadeejah bint Khuwaylid** |
| **SA KABATAAN:**<br>**Ali Bin Abi Talib** | **SA MGA PINALAYANG ALIPIN:**<br>**Zayd Bin Harithah** |
| **SA MGA ALIPIN:**<br>**Bilal Bin Rabah Al-Habashiy** | |

**IBA PANG MGA NAUNANG NANIWALA SA KANYA ﷺ**

**Mula sa mga naunang naniwala sa Propeta ﷺ pagkatapos ng pagbanggit natin sa kanyang sambahayan ay sumunod na dito si: Uthman Bin Affan, Talhah Bin Ubaydillah, Az-Zubayr Bin Al-Awwam, Sa'ad Bin Abi Waqqas, AbdurRahmah Bin Awf, Khabbab Bin Al-Aratt, Suhayb Ar-rumiy, Ammar Bin Yaseer, Ummu Ammar Sumayyah., Abu Ubaydah Amer Bin Al-Jarrah, Uthman Bin Madz'un, Abu Salamah Bin Abdil Asad, at Utbah Bin Ghazawan ﷺ.**

## Ikatlong Kabanata: Panahon na nasa Makkah

### PAMIMINSALA NG MGA MUSHRIKEEN SA PROPETA ﷺ AT SA MGA SAHABAH ﷺ

**Nang makita ng Mushrikeen ang katotohanan ng Da'wah ng Propeta ﷺ at ang mga tao ay nagsimula ng nagtipun-tipon sa paligid niya, kaya naman ang naging tugon ng mga Mushrikeen hinggil sa bagay na ito ay ang pagamit ng malawakang pamiminsala at pananakit nila sa mga Mu'mineen sa pinakamasamang uri ng pamiminsala, kabilang sa mga halimbawa ng kanilang pamiminsala:**

- **Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang salamangkero, upang luwayo ang mga tao sa kanya at matakot.**
- **Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang baliw, upang ituring siya ng mga tao na hangal.**
- **Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang sinugaling, gayon pa man ito ay walang bisa dahil kilala siya sa kanila bilang pinaka-matapat at mapagkakatiwalaan bago pa ang Islam.**
- **Pangungutya sa Propeta ﷺ at sa mensaheng dala niya.**
- **Paggawa ng mga bagay na pampagalit sa mga tao at paggawa ng maraming ingay tuwing lumalabas ang Propeta ﷺ upang hikayatin sila sa Islam, at ito ay upang ang mga tao ay tumalikod mula sa pakikinig sa paghahayag at sa mensaheng katotohanan.**
- **Pagsalubong sa mga taga-labas ng Makkah upang mag Umrah o Hajj o iba pa at pagbibigay ng babala laban sa Propeta ﷺ.**
- **Pisikal na pananangit sa Propeta ﷺ tulad ng ginawa ni 'Uqbah bin Abi Mu'eet nang minsan ay hinatak nito ang damit ng Propeta ﷺ hanggang sa masakal ito, hanggang sa dumating si Abu Bakr ﷺ at tinulak niya si 'Uqbah palayo sa Propeta ﷺ. At isa pang pagkakataon nang tapunan ni 'Uqbah bin Abi Mu'eet ng mga laman-loob ng kamelyo ang Propeta ﷺ habang ito ay nagsasalah sa may Ka'bah, at dumating ang anak ng Propeta ﷺ na si Fatimah ﷺ upang alisin ito sa kanya.**
- **Ang kanilang mga pagtatangka upang patayin ang Propeta ﷺ, inalok nila ang kanyang tiyuhin na si Abu Talib upang palitan siya para kay 'Amāra ibn Al-Waleed upang mapatay lamang siya, at pinagtakaan din nilang patayin ito noong siya ay magsasagawa na ng Hijrah.**
- **Pinarusahan at pinahirapan ang mga itinuturing nilang mahina mula sa mga pananampalataya, at mula kalabisan nila; inilalagay nila ang malaking bato sa tiyan ni Bilal o tulad ng ginawa nila sa pamilya ni 'Ammar ibn Yasir at iba pa.**

### PAGLIKAS PATUNGO SA HABASHAH

**Noong dumami ang bilang ng mga Muslim at nadagdagan ito, at ang mga Mushrikeen ay nagsimula ng matakot sa kanila, ang pang-aapi sa mga Muslim ay mas naging matindi, kaya't pinahintulutan ng Propeta ﷺ ang mga Muslim na lumikas patungo sa Habashah (Abyssinia), at sinabi niya ﷺ: (Tunay na mayroong isang hari doon na walang naaping tao sa ilalim niya).**

| | | |
|---|---|---|
| PAGLIKAS PATUNGO SA HABASHAH | UNANG PAGLIKAS | Lumikas ang unang grupo ng mga Sahabah patungong Habashah, at ito ay binubuo ng labing dalawa (12) kalalakihan at apat (4) na kababaihan. kabilang sa kanila ay si 'Uthman Bin Affan ﷺ na siyang unang tumungo doon kasama ang kanyang maybahay na si Ruqayyah na anak ng Sugo ng Allah ﷺ, at sila'y nanatili sa Habashah at namuhay bilang isang mabuting kapitbahay. Pagkatapos, nakarating sa kanilang ang balita na ang Qurasyh ay yumakap na sa Islam ngunit ang balitang ito ay isang kasinungalingan, kaya't nagmadali silang bumalik sa Makkah, at habang nasa paglalakbay ay dumating sa kanila ang tunay na balita at kaganapan nangyayari sa Makkah, kaya't bumalik ang iba patungong Habashah at iba naman ay nagpatuloy na pumasok sa Makkah, at pagkatapos ay mas tumindi pa sa kanila at sa mga Muslim ang pamiminsala at pagmamalupit ng mga Quraysh, at kabilang sa mga pumasok sa Makkah ay si Abdullah Ibn Mas'ud ﷺ . |
| | PANGALAWANG PAGLIKAS | Sa pagkakataong ito ay lumikas ang walumpu't-tatlong (83) kalalakihan at labing walong (18) kababaihan, at sila'y nanatili kapiling ang Najashiy at namuhay sila sa mabuting kalagayan. Kaya't ng dumating sa Quraysh ang balitang ito, ipinadala nila sina; 'Amru Bin Al-'As at Abdullah bin Abi Rabee'ah sa isang grupo upang linlangin at makipagsabwatan sa Najashiy na paalisin ang mga Muslim sa kanyang lupain, subalit tinanggihan ito ng Najashiy at hindi tinanggap ang alok. |
| PAGYAKAP SA ISLAM NI HAMZAH AT UMAR | | Sa ika-6 na taon pagkatapos ng pagka-Propeta, Si Hamzah ibn 'Abdul-Muttalib (ang tiyuhin ng Propeta ﷺ) ay niyakap ang Islam, si Hamzah ay kilala bilang pinakamalakas at marangal ng Quraysh, at kaya't nagging malakas ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ni Hamzah. Pagkatapos ay yumakap din sa Islam si Umar bin Al-Khattab dahil sa pinagpalang panalangin ng Propeta ﷺ sa kanya, sa pagkakataong iyon ay lumakas ang mga Mu'mineen dahil sa dalawang ito at naging ligtas sila mula sa Quraysh. |
| SHI-IB NI ABU TALIB | | Mas naging matindi pa ang pamiminsala na ginawa ng mga Quraysh sa Sugo ng Allah ﷺ tulad ng pagkubkob nila sa kanya at sa sambahayan at pamilya niya sa Shi'ib [Burol] ni Abi Talib sa loob ng tatlong taon (3), at sa loob ng Shi'ib ay isinilang si Abdullah bin Abbas ﷺ. Tunay na ang mga Kuffar ng Quraysh ay naging sanhi ng matinding pinsala sa Propeta ﷺ sa panahong na iyon. hanggang sa ang Propeta ﷺ ay lumabas mula sa pagkakakubkob sa edad na apatnapu't siyam (49). |
| PAGPANAW NI ABU TALIB AT KHADEEJAH | | Pagkalipas ng ilang buwan, pumanaw ang tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Abu Talib sa edad na walumpu't pitong (87). at pagkatapos ng ilang buwan ay pumanaw na rin si Khadeejah ﷺ . At ang pinsala ng mga Kuffar sa kanya ay naging mas malubha at tumindi pa. |
| PAGTUNGO SA TAIF | | Lumabas ang Propeta ﷺ patungo sa Ta'if, siya at si Zayd bin Harithah ﷺ upang imbitahan ang mga taga-roon tungo sa landas ng Allah ﷻ, at ilang araw rin silang nanatili roon subalit walang tumugon sa kanilang panawagan at imbitisyon, bagkus sinaktan lamang siya at pinalayas, at pinagbababato siya ng mga bato hanggang sa magdugo ang kanyang mga paa, pagkatapos ng pangyayaring iyon ay bumalik na rin sila patungo sa Makkah, at pagkatapos ay napadpad ang Propeta ﷺ sa bakuran ni Al-Mut'im bin A'diy. |

| | |
|---|---|
| **PAGPASOK SA ISLAM NI ADDAS** | Sa paglalakbay pabalik ng Propeta ﷺ ay nakatagpo niya ang isang Kristiyanong si 'Addas na naniwala sa kanya at niyakap ang Islam. |
| **PANANAMPALATAYA NG MGA JINN** | At sa paglalakbay din pabalik ng Propeta ﷺ ay napadaan sila isang grupo ng mga Jinn sa lugar na tinatawag na Nakhlah, at pito sa kanila mula sa mga Naseebeen, at pinakinggan nila ang Qur'an at niyakap ang Islam. |
| **AL-ISRA WAL MIRAJ** | At nag-Isra'a o naglakbay sa gabi ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan, mula sa Masjid Al-Haram sa Makkah patungo sa Masjid Al-Aqsa sa Jerusalem. at pagkatapos ay iniakyat siya noong gabing iyon sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan mula sa Masjid Al-Aqsa patungo sa itaas ng mga kalangitan hanggang patungo sa Allah ﷻ. At doon kinausap siya ng Allah ﷻ, inobliga sa kanya ang limang beses na Salah. |
| **PAGLALAHAD NG ISLAM SA MGA TRIBO** | Ang Propeta ﷺ ay nanatili sa Makkah at nanawagan at nag-iimbita sa iba't ibang mga tribo patungo sa landas ng Allah, at nilalahad niya ang kanyang sarili sa kanila sa bawat panahon na naghahanap ng kanlungan upang maipahayag ang mensahe sa kanila upang makamit nila ang Paraiso, subalit wala ni isa sa mga tribong ito ang sumagot sa panawagang iyon. At itinakda ng Allah na ilaan ito bilang karangalan sa mga Al-Ansaar. Ang mensahe ay umabot sa anim sa kanila sa Makkah at tinugon nila ang panawagan ng Allah at ng Kanyang Sugo, at bumalik sila sa Al-Madinah at nanawagan din sa mga tao doon patungo sa Islam, hanggang sa kumalat ang Islam sa pagitan nila, kaya't sa bawat bahay ng Al-Ansaar walang ibang bukang-bibig maliban na lamang ay binabanggit ang Sugo ng Allah ﷺ. |

| | | |
|---|---|---|
| **ANG ANSAAR AT KASUNDUAN SA AQABAH** | **UNANG KASUNDUAN** | At sa sumunod na taon, labing dalawang (12) kalalakihan mula sa Ansar, lima sa kanila ay mula sa naunang anim na nakipagtagpo sa Sugo ng Allah ﷺ noong nakaraang taon. At sila'y nagsipangako sa Sugo ng Allah ﷺ katulad ng pangako ng katapatan ng mga kababaihan na nabanggit sa Surah Al-Mumtahanah doon sa Aqabah sa Mina, at pagkatapos sila ay bumalik din sa Al-Madinah. |
| | **PANGALAWANG KASUNDUAN** | At sa sumunod na taon, pitumpu't tatlong (73) kalalakihan at dalawang (2) babae ang dumating at sila ay mula sa Huling Aqabah, At sila'y nagsipangako sa Sugo ng Allah ﷺ na tutulungan nila siya at poprotektahan mula sa kung ano ang pinoprotektahan nila para kanilang mga kababaihan, mga anak at kanilang buhay. Pagkatapos nito, naglalakbay ang Propeta ﷺ sa kanila sa Al-Madinah kasama ang kanyang mga Sahabah, at humirang at nagtalaga siya ng labing dalawang Pinuno. |

# Ika-Apat na Kabanata:
# Panahon na nasa Al-Madinah

## PAHINTULOT SA PAGLIKAS

**Pinahintulutan ng Sugo ng Allah ﷺ para sa kanyang Sahabah ﵃ na magsagawa ng Hijrah (Lumikas) patungo sa Al-Madinah, kaya't lumabas sila nang palusot na dahan-dahan at tahimik. At ang kauna-unahang lumikas, sinasabi ay si Abu Salamah Bin Abdul Asad Al-Makhzumiy ﵁, at sinasabi rin ay si: Mus'ab Bin Umayr, at sila'y dumating sa mga Al-Ansaar, at binigyan sila ng matutuluyan at tinulungan sila at ipinalaganap ang Islam sa Al-Madinah.**

**Pagkatapos ay ipinahintulot na rin para sa Sugo ng Allah ﷺ na magsagawa ng Hijrah, kaya't lumabas siya mula sa Makkah, araw ng lunes sa buwan ng Rabi'ul Awwal, sa oras na iyon siya ay limampu't tatlong taong gulang na, at kasama niya si Abu Bakr As-Siddiq, 'Amir ibn Fuhairah (na isang alipin na pinalaya ni Abu Bakr) at ang kanilang gabay sa daan na si Abdullah ibn Urayqit Al-Laythiy. Ang Propeta ﷺ at si Abu Bakr ay nagtago ng tatlong araw sa kuweba ng 'Thawr' at pagkatapos ay ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalakbay habang tinatahak nila ang daan sa baybaying-dagat.**

## PAGPASOK SA MADINAH

**Nang makarating ang Propeta ﷺ at ang mga kasama niya sa Al-Madinah - Lunes, ika labing dalawa ng Rabi'ul Awwal- nanatili sila sa Quba, ang pinakamataas na distrito ng Al-Madinah, at dito sila ay nanuluyan ng labing apat na araw kasama ang tribo ni 'Amru ibn' Awf.**

## UNANG MASJID SA ISLAM

**At itinayo ng Propeta ﷺ ang Masjid Quba, Sinabi ni Ibn Umar ﵄: "Ang Propeta ﷺ ay nakagawiang pumunta sa Masjid Quba tuwing Sabado nang naglalakad o nakasakay sa kamelyo", at sinabi ng Propeta ﷺ : (Ang pagdarasal sa Masjid Quba ay tulad ng pagsasagawa ng 'Umrah).**

## PAGTAYO SA MASJID NG PROPETA ﷺ

**At pagkatapos ay sumakay Ang Propeta ﷺ sa kanyang kamelyo at tumungo sa lansangan ng Madinah, ang bawat tao sa Al-Madinah ay humihiling sa kanya na sa kanilang bahay ito tumuloy at ang bawat isa ay hinihila ang tali ng kamelyo niya. at sinabi ng Propeta ﷺ : (hayaan ninyo siya dahil napag-utusan na siya). at huminto ang kamelyo sa lugar kung saan nakatirik ang Masjid niya ngayon, at ito ay dating patuyuan ng Tamr ng dalawang batang lalaki na sina Sahl at Suhayl na mula sa tribo ng Banu An-Najjar. Sa puntong ito ay mananatili siya kasama si Abu Ayyub Ansaari ﵁ , pagkatapos ay sinimulan na ng Propeta ﷺ ang pagtatayo ng kanyang Masjid sa pamamagitan ng kanyang mga kamay sa mismong lugar na iyon na dating patuyuan ng Tamr kasama ng kanyang mga Sahabah ﵃ gamit ang mga sanga ng palmera at ladrilyo, Pagkatapos nito ay itinayo niya ang kanyang bahay at bahay ng kanyang mga asawa sa tabi ng Masjid, at ang pinakamalapit na bahay sa kanyang Masjid ay ang bahay ni A'ishah ﵂ at pagkatapos ay lumipat na siya mula sa bahay ni Abu Ayyub ﵁ matapos ang pitong buwan na panunuluyan niya sa bahay nito.**

| | |
|---|---|
| **KAPATIRAN** | **Matapos ang pagtatayo ng Propeta ﷺ sa Masjid ay tinayo rin niya ang pagkakapatiran sa pagitan ng mga Muhajireen na may bilang na siyamnapu (90) at sa pagitan ng Al-Ansaar para sa pagkakapantay-pantay, at pamamanahan ng bawat magkakatambal na magkapatid ang isa't isa kapag namatay ito hanggang sa maganap ang labanan sa Badr.** |
| **HUDYO** | **Nang dumating ang Propeta ﷺ sa Al-Madinah Nakita siya ng mga Hudyo at nalalaman nila na siya ay isang tunay na Sugo ng Allah na binanggit at nakasulat sa Torah, subalit sa kabila nito ay mangilan-ngilan lamang mula sa kanila ang yumakap sa Islam; tulad ng kanilang pantas na si Abdullah Bin Salam رضي الله عنه , At ang Propeta ﷺ ay gumawa ng isang hiwalay na kasunduan sa pagitan ng mga tribo ng mga Hudyo kabilang sa kanila ay ang tribo ng Banu Qaynuqa' , Banun Nadheer, at Banu Quraydhah.** |
| **PAGLIPAT NG QIBLAH** | **Matapos na inubliga ang Salah noong gabi ng Al-Mi'raj, ang Propeta ﷺ ay dating nakaharap tuwing magdarasal patungo sa *Baitul-Maqdis*, gayunpaman ninanaisa niyang mailipat ang direksyon ng Salah sa Ka'bah, kaya't hinaharap niya ang kanyang mukha patungo sa kalangitan na umaasa na dinggin ito, kaya't ipinahayag ng Allah ﷻ sa kanya: *﴿Nakikita Namin ang pagharap ng iyong mukha O Muhammad tungo sa langit at tiyak na ihaharap ka Namin sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na kalulugdan mo…﴾* [2:144]. At sa ikalawang taon pagkatapos ng Hijrah ang Qiblah ay nabago patungo sa Ka'bah.** |
| **PAHINTULOT SA JIHAD** | **Matapos na maging panatag ang pamumuhay ng Propeta ﷺ sa Al-Madinah at pinangalagaan siya ng Al-Ansaar رضي الله عنهم, ipinahayag ng Allah ﷻ ang talata: *﴿Pinahintulutan yaong mga nilalabanan dahil sa sila ay inapi. Tunay na ang Allah sa pagpapatagumpay sa kanila ay may kakayanan ۝ Silang mga pinalayas mula sa kanilang mga tahanan nang walang katarungan liban na lamang na dahil sa sinasabi nila, 'Ang aming Panginoon ay si Allah.'… ﴾* [22:39-40]. Kaya't dito ipinahintulot ng Allah ﷻ sa mga Mu'mineen ang digmaan laban sa mga Muskrikeen.**<br>**Ang ilan sa mga naunang labanan Propeta ﷺ : Labanan sa Al-Abwaa' at Buwaat, at Al-'Ushayrah at ilang mga Saraayaa (Squadrons) laban sa mga tribo at angkan ng mga Mushrikeen.** |
| **LABANAN SA BADR** | **Sa buwan ng Ramadhan, Sa ikalawang taon pagkatapos ng Hijrah, lumabas ang Sugo ng Allah ﷺ kasama ang tatlong daan at mahigit sampung kalalakihan mula sa mga Mu'mineen upang bawiin ang Karaban ng Quraysh na pabalik galing sa Syria, subalit ibinaling ni Abu Sufyan ang direksyon ng karaban patungo sa dalampasigan pakanluran (Red Sea), at iniwan niya ang pangunahing daan na dadaan sa Badr sa gawing kaliwa, sa pagkakataong iyon ay inapuhan ng Shaytan ang mga Quraysh na lumabas upang digmain ang mga Mu'mineen. At nagtagpo ang dalawang grupo sa Badr at nangyari ang labanan sa Badr na tinawag na araw ng Furqan (o Paghihiwalay).**<br>**At noong nagtagpo ang dalawang grupong militar, nanalangin ang Sugo ng Allah ﷺ sa kanyang Panginoon at humingi ng saklolo sa Kanya, kaya't tinulungan ng Allah ﷻ ang mga Mu'mineen sa pamamagitan ng mga Anghel na makikipaglaban kasama nila, at pinagtagumpay sila ng Allah laban sa mga Kafireen, at itinaas ang Kanyang salita. At nasawi sa Badr ang pitumpong (70) katao mula sa mga Mushrikeen, at samantalang namatay bilang martir mula sa hanay ng mga Mu'mineen ay labing apat (14) na kalalakihan.** |

## PAGLUSOB SA QAYNUQA'

Sa ikatlong taon ng Hijrah, sinira ng Banu Qaynuqa' ang kasunduang pangkapayapaan, kaya't ang Propeta ﷺ ay kinubkub at pinalibutan sila sa kanilang kuta na tumagal ng labing limang gabi, at sumuko sila at ibinababa sa kanila ang hatol ng Sugo ng Allah ﷺ, kalaunan ay tinaboy sila at pinalayas sa Madinah, at sila ay may bilang na pitong daan.

## LABANAN SA UHUD

Sa buwan ng Shawwal naganap ang labanan sa Uhud, lumabas ang Qurasyh para sa digmaan bilang paghihiganti para sa mga nasawi sa kanilang hanay sa Badr, dala ang humigit kumulang na tatlong libong (3000) katao, at sumugod sila sa Al-Madinah, Kaya naman lumabas din ang Propeta ﷺ dala ang pitong daan (700) na Sahabah at tumulak patungo sa Uhud, at umatras at iniwan sila ng mga Munafiqeen.
Ang Unang pagsalakay ay para sa mga Muslim sa simula ng araw, at pagkatapos sinubok ng Allah ang mga Muslim at sumalakay ang mga Mushrikeen at pilit nilang inaasinta ang Sugo ng Allah ﷺ at sa pagkakataon na iyon ay sinugatan nila siya at nabungian nila ng ngipin sa gawing kanan sa ibabang bahagi nito. At sa araw na iyon ay nakipaglaban din ang mga Anghel kasama ng Propeta ﷺ. At nasawi bilang martir mula sa hanay ng mga Muslim ay pitumpong (70) Sahabah ﷺ kabilang sa kanila ay sina; Hamzah bin Abdil Muttalib, Mus'ab Bin 'Umayr, Anas Bin An-Nadhar, at Handhzalah Al-Ghaseel, at iba pa.

At sinubok si Talhah Bin Ubaydillah ng isang magandang pagsubok sa araw nito hanggang sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ : (Ang Paraiso ay obligadong para kay Talhah). At Ang Propeta ﷺ at ang mga Muslim ay bumalik sa bundok kung saan pinoprotektahan sila ng Allah mula sa mga kamay ng Mushrikeen.
Ang araw ng Uhud ay isang oras ng pagsubok at pagsasala, sinubok ng Allah ang mga Mu'mineen at nilatad naman ang mga Munafiqeen, at ipinagkaloob sa sinuman ang ninais niya pagkalooban ng Shahadah.
Matapos ang labanan sa Uhod, narinig ng Propeta ﷺ ang paglabas at pagsugod muli ng mga Quraysh at gusto nilang bunutin ang ugat ng mga Muslim, kaya't sumugod din ang Propeta ﷺ kasama ang mga Mu'mineen na mga sugatan, gayunpaman nang ang mga Muslim ay nakarating sa Hamra '-Asad, narinig ito ng mga Quraysh at tumakas pabalik sa Makkah.

## IKA-4 NA TAON NG HIJRAH

Sa ika-apat na taon ng Hijrah ay nagkaroon ng isang trahedya sa Bi'ru Ma'una kung saan pitumpu sa mga Sahabah na Qurraa o may kaalaman sa Quran ang napatay.
At nangyari rin ang digmaan laban sa Banun Nadheer kung saan sila yaong kinubkob ng Propeta hanggang sa inilagay ng Allah ang takot sa kanilang mga puso at pagkatapos ay pinalayas sila mula sa Al-Madinah. Dahil dito ipinahayag ang Surah Al-Hashr na tungkol sa kanila.

## LABANAN SA MURAYSEE

Sa ika-limang taon ng Hijrah, lumabas ang Propeta ﷺ para lusubin ang tribo ng Bani Al-Mustaliq, at siya'y bumalik dala ang tagumpay, at habang nasa daan ng paglalakabay ay naisabatas ang Tayammum, at nangyari rin Hadithatul-Ifk (o Pangyayari na kasinungalingan), na kung saan ang mga Munafiqun ay nagsalita ng paninirang-puri laban sa Ummul Mu'mineen A'ishah رضي الله عنها na isang Dalisay at dinalisay. At ito ay naging matindi sa kanya at sa Sugo ng Allah ﷺ hanggang sa ipinahayag ng Allah ang pagiging walang kasalanan ni A'ishah na nabanggit sa Surah An-Nur, at nilatigo ang mga nanirang-puri sa kanya.

## ANG LABANAN NG AL-AHZAAB

Ang labanan sa Khandaq (Ahzaab) ay nangyari sa buwan ng Shawwal sa ika-anim na taon ng Hijrah, na kung saan ay nakipagsabwatan ang mga Hudyo sa Quraysh at sa tagasuporta nila para labanan at digmain ang Propeta ﷺ at kanyang mga Sahabah, kayat nagsama-sama ang mga Quraysh, at Banu Sulaym, Banu Asd, Fazarah, Ashjaa' at iba pa sa kanila na kung saan umabot ang kanilang bilang na sampung libong (10,000) mandirigma, at sila'y tumulak patungong Al-Madinah.

Inimungkahi ni Salman Al-Farisiy ؓ sa Propeta na gumawa ng Khandaq o Malaki at malalim na hukay o kanal bilang prokteksyon nila sa mga Ahzaab, kaya't lumabas ang Propeta kasama ang tatlong libong (3000) Sahabah, at ginawa nilang tanggulan ang bundok ng Sal'a, at ang Khandaq ay nasa kanilang harapan. Ang Propeta ﷺ ay gumawa ng isang kasunduan sa tribo ng Banu Quraydhzah, gayunpaman sinira nila ang kasunduan at sumali sila sa Ahzaab na lumaban sa Propeta ﷺ. Kayat ipinadala ng Propeta ﷺ si Nu'aym Bin Mas'ud ؓ sa Hudyo at Ahzaab at ginamit niya ang panlilinglang sa kanilang sariling hanay at ito ang naging sanhi ng paghihiwalay nila.

At nagpadala ang Allah sa mga Ahzaab ng mga Sundalo mula sa hangin na sumira sa kanilang mga kampo at pinataob ang kanilang mga kaldero sa pagluluto at sila ay pinayanig ng hangin at ang takot ay pinasok sa kanilang mga puso hanggang sa tumakas sila at pinabayaan ang labanan na walang nakamit mula sa kanilang mga masamang plano.

Pagkatapos ay tumungo ang Propeta ﷺ sa Banu Quraydhzah, at itinalaga si Sa'ad Bin Mu'adh bilang isa sa mga maghahatol sa kanila kaso.

Sa labanan na ito ay ipinayahag ang Surah Al-Ahzaab na tumutukoy sa pangyayaring ito.

## ANG KASUNDUAN SA AL-HUDHAYBIYAH

Sa ika-anim na taon ng Hijrah, lumabas ang Propeta ﷺ kasama ang Isang libo at apat na daan (1400) na Sahabah upang magsagawa ng Umrah, at nang maabot nila ang Al-Hudhaybiyah, pinigilan sila ng mga Quraysh mula sa pagpasok sa Makkah, kaya't sila ay nakipag-ayos at nagkasundo na iwanan ang labanan sa loob ng sampung (10) taon. At iyon ay isang malaking tagumpay para sa mga Mu'mineen, katulad ng sinabi ng Allah ﷻ :﴿*Tunay na Kami ay nagpatagumpay sa iyo ng tagumpay na malinaw*﴾ [48:1].

kasama sa kasunduang pangkapayapaan na ito: Ang Quraysh ay magpapahintulot sa mga Muslim na bumalik sa Makkah sa susunod na taon upang magsagawa ng 'Umrah, kaya bumalik sila sa sumunod na taon sa buwan ng Dhul-Qa'dah at isinagawa nila ang 'Umrah Al-Qadaa' '(Kabayaran para sa nakaraang taon na Umrah).

## LABANAN SA KHAYBAR

Dalawampung araw (20) pagkatapos ng pagbabalik ng Propeta mula sa Al-Hudhaybiyah, siya'y lumabas patungo sa Khaybar sa Hilagang bahagi ng Al-Madinah, at dito kinubkob at pinalibutan nila ang mga Hudyo nang dalawampung araw (20) at nakipaglaban nang matindi ang mga Muslim sa oras na iyon, hanggang sa matiyak ng mga Hudyo ang kanilang sariling pagkawasak at sila ay humingi sa Propeta ﷺ ng kapayapaan, kaya't pinagbigyan sila para sa kaligtasan ng kanilang buhay at paglabas nila mula sa Khaybar na walang dala maliban sa kanilang suot na damit, at ginamit sila ng Propeta ﷺ sa pagsasaka ng kanilang lupain at kalahati ng ani ay bilang pambayad sa buwis.

## PAGDATING NI JAFAR

Noong nasa Khaybar pa ang Propeta ﷺ, dumating si Abu Hurayrah ؓ sa Al-Madinah para yumakap sa Islam, at dumating na rin si Ja'far Bin abi Talib na pinsan ng Propeta ﷺ, kasama niya ang ibang natitirang Sahabah sa Habashah, at nagtagpo sila kasama ng Propeta ﷺ sa Khaybar at kasama rin nila ang mga Ash'ariyyun; Abu Musa, at mga kasamahan nito ؓ.

## LABANAN SA MUTAH

Ang labanan sa Mu'tah ay nangyari taong ika-8 ng Hijrah, at ito ay dahil sa pagpatay kay Sharahbeel bin Amr Al-Ghassaani na isang sugo ng Propeta ﷺ tungo sa hari ng Roma. Ipinadala ng Propeta ﷺ ang tatlong libong (3000) Sahabah sa ilalim ng pamumuno ni Zayd Bin Harithah ؓ. Sinabi ng Propeta ﷺ: (Kapag napaslang si Zayd ay si Ja'far ang papalit sa kanya, at kung mapasalang si Ja'far ay si Abdullah bin Rawaahah ang papalit sa kanya). At sumugod din si Heraclius at mga tagasuportang mga Arabo sa bilang na dalawang daang libong (200,000) mandirigma. At sila ay nagtagpo sa Mu'tah, at nangyari ang digmaan. Namatay bilang Martir ang mga kumander ng Propeta ﷺ, sa pagkakataong iyon ay kinuha ni Khalid Bin Waleed ؓ ang bandera, at ipinamalas niya ang pagiging bihasa at kagalingan bilang pinuno sa labanan upang maisalba ang mga Muslim sa kinasangkutan ng kanilang mga sarili sa labanang iyon hanggang sa mailigtas sila mula sa kalaban ng Allah, at kalaban nila.

## DAKILANG PAGSAKOP SA MAKKAH

Sa parehong taon, Sinalakay ng Banu Bakr (Kaalyado ng Quraysh) ang tribo ng Khuza'a (Kaalyado naman ng Propeta ﷺ) at sa pagsalakay na ito ay tinulungan ng Quraysh ang Banu Bakr nang palihim. At nang makaabot ang pangyayaring iyon sa Propeta ﷺ ay nagdesisyon siya na sakupin na ang Makkah, kaya't tumungo si Abu Sufyan sa Al-Madinah upang kausapin ang Propeta ﷺ ngunit hindi nakinig sa kanya, at naki-usap siya kina Abu Bakr, Umar at Ali na kausapin ang Propeta ﷺ ngunit tumanggi rin sila sa kanya. At nanalangin ang Propeta ﷺ na huwag malaman ng Quraysh ang kanilang pagsugod sa kanila, at ito ay dininig sa kanya, at lumabas ang Propeta ﷺ kasama ang sampung libong (10,000) Mandirigma, hanggang sa makapasok sila sa Makkah.
At yumakap sa Islam bago pa ang pagsakop, ang tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Al-'Abbas Bin Abdil Muttalib ؓ.

At kabilang sa mga sinabi ng Propeta ﷺ nung araw ng pagsakop sa Makkah: (Sinuman ang pumasok sa tahanan ni Abu Sufyan siya ay ligtas, at sinuman ang pumasok sa Masjid siya ay ligtas, at sinuman ang magsara ng pinto niya siya ay ligtas). kaya naman walang dinigma ang Propeta ﷺ maliban sa mga sumubok na lumaban sa kanya, o ilan sa kanila na sumugod sa Propeta ﷺ at sumugod sa mga Muslim at napaslang nila ito.
At nang makapasok Propeta ﷺ sa Makkah at siya'y nag-Tawaf na wala sa kalagayan ng Ihraam noong araw na iyo. at pagkatapos ay ipinatawag niya si Uthman Bin Talhah at kinuha ang susi ng Ka'bah at pumasok siya sa loob at winasak niya ang mga rebulto at diyus-diyosan sa loob at sa nakapalibot dito. At pagkatapos ay ibinalik niya ang susi kay Uthman Bin Talhah.
At yumakap sa Islam pagkatapos ng pagsakop sa Makkah ang napakaraming tao, bagkus ang mga tribo ay nagsimula ng dumating sa Propeta ﷺ upang ihayag kanilang pagyakap sa Islam.

**PAGWASAK SA REBULTO**

Pagkatapos ng pagsakop sa Makkah, Ipinadala ng Propeta ﷺ ang kanyang mga Sahabah upang wasakin ang mga rebulto na nasa palibot ng Makkah, ipinadala niya si Amr Bin Al-A's ؓ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Suwa', si Sa'ad Bin Zayd ؓ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Manaat, at si Khalid Bin Al-Waleed ؓ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Uzzah, at si At-Tufayl ؓ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Dhul Kaffayn, at ipinadala niya si Ali ؓ upang wasakin ang diyus-diyusan ng mga taga-Taiy'.

**LABANAN SA HUNAYN**

Noong marinig ng mga Hawazin ang pagkakasakop sa Makkah, napagdesisyunan nila na lumakad upang digmain ang Sugo ng Allah ﷺ, at ipinasama nila kaagapay ng mga tao ang mga kayamanan nila at mga kababaihan nila at mga anak nila. Kaya't lumabas din ang Propeta ﷺ sa kanila kasama ang labing dalawang libong (12,000) mandirimag, namangha ang mga Muslim sa dami nila hanggang sa marating nila ang lambak ng Hunayn. Ang mga Hawazin ay nagpaulan ng mga pana at inatake ang mga Muslim ng isang pagsalakay lamang hanggang sa napaatras ang mga Muslim mula sa Propeta ﷺ dahil sa sobrang takot nila, at walang natira kasama niya sa kinalalagyan niya kundi kakaunting bilang mula sa Al-Muhajirun at mga angkan ng tahanan niya. Pagkatapos ay pinatatagtag ng Allah ang mga silang nanampalataya, kaya't sila'y bumalik tungo sa Propeta ﷺ at nakipaglaban muli kasama niya hanggang sa ipinagtagumpay sila ng Allah laban sa kanilang mga kalaban, at tumakas ang mga Hawazin patungo sa Taif. Pagkatapos ay dumating ang labing apat (14) na kalalakihan mula sa Hawazin sa Propeta ﷺ na mga Muslim na, at hiniling nila na ibalik sa kanila ang mga bihag, at ibinalik niya sa kanila, at ibinalik din ng mga Muslim.

**PAGSALAKAY SA TAIF**

Matapos ang digmaan ng Propeta ﷺ laban sa Hawazin, at nagdesisyon siya na salakayin ang Taif, at dumating siya roon at pinalibutan ang kanilang kuta ng labing walong (18) araw, pagkatapos ay bumalik ang Propeta ﷺ at walang naganap na labanan.

**LABANAN SA TABUK**

Noong ika-9 na taon ng Hijrah, naganap Ghazwah (labanan) sa Tabuk (Ghazwah Al-'Usrah), at ito ay sa panahon na ang araw ay napakainit, at panahon ng pagbubunga at lilim, at ito ang pinakamahirap na panahon para sa mga tao na lumabas. At noong ginusto na ng Propeta ﷺ na lumabas ay hinikayat at hinimok niya ang mga tao na tumustos ng kayamanan para rito, kaya't naglaan si Uthaman ؓ ng tatlong daan (300) kamelyo na puno ng kargada at kasama nito ang isang libong (1000) Dinar, sinabi ng Propeta ﷺ : (Walang makakapinsala kay Uthman sa anumang ginawa niya pagkatapos ng araw na ito), At nagbigay na rin ang iba pang mga Sahabah ng kanilang mga kayamanan sa abot ng kanilang kakayahan.

At ang karamihan sa mga Munafiqeen ay lumiban sa Propeta ﷺ at nagpaiwan ang tatlong mabubuting mga Sahabah ng walang katanggap-tanggap na kadahilanan na sila: Ka'ab bin Malik, Hilal bin Umayyah, at Murarah bin Ar-Rabi' ﷺ, at humingi sila ng patawad sa Propeta ﷺ nang makabalik siya sa Al-Madinah, at sa kanila ang dahilan sa pagbaba ng talata mula sa Surah At-Tawbah: ﴿*Pinatawad Niya rin ang tatlong nagpaiwan*﴾ [9:118], pinatawad sila ng Allah dahil sa nalaman ang kanila pagiging totoo, at hinamak ang mga Munafiqeen sa pagtatapos ng Surah na ito, kaya't tinagurian ang Surah na ito na Al-Fadhihah o Pagpapahiya at pagbubulgar; dahil ipinahiya at ibinulagar sila dito.

## LABANAN SA TABUK

**Sa labanan na ito nakipagkasundo ang pinuno ng Aylah sa Propeta ﷺ na magbibigay na lamang ito ng Jizyah (Buwis), at ganoon rin ang ginawa ng mga taga Jarba at Adhruh na magbibigay rin sila ng Jizyah sa Propeta ﷺ. At nagpadala sa kanila ang Sugo ng Allah ﷺ ng mga liham, at nakipagkasundo rin ang pinuno ng Dawmatul Jandal na si Ukaydir na magbabayad din ng Jizyah. Nanatili ang Propeta sa Tabuk ng higit sampung gabi at pagkatapos ay bumalik na rin sa Al-Madinah at walang naganap na labanan.**

**At nang makabalik siya sa Al-Madinah, inutusan siya ng Allah ﷻ na gibain ang Masjid Ad-Dhirar na siyang itinayo ng mga Munafiqun; *﴿upang maminsala at maghasik ng kawalang pananampalataya at pagkakawatak-watak sa mga nanampalataya at bilang himpilan ng mga sinumang nakipagdigma laban kay Allah at sa Kanyang Sugo﴾* [9:108], kaya't giniba ito ng Propeta ﷺ, at ito ang kahuli-hulihang digmaan na nilahukan mismo ng sarili niya ﷺ.**

## DELEGASYON

**Matapos ang labanan sa Tabuk, yumakap sa Islam ang tribo ng Thaqeef, at tinawanag ang ika-9 na taon na taon ng delegasyon, dahil ang mga mga iba't ibang tribo ay nagsimula ng dumating sa Propeta ﷺ na mga Muslim na, kabilang sa kanila: Ang Delegasyon ng bani Tamim at kanilang pinuno na Atarid bin Hajib At-Tamimiy, at ang delegasyon ng taga Tay'i at kanilang pinuno na si Zayd Al-Khayl, at ang delegasyon ni Abdul Qays at pinuno nila na si Al-Jarud Al-Abdiy, at ang delegasyon ng Bani Hanifah, at kabilang sa kanila ay si Musaylamah Al-Kaddhab na siyang nagpanggap ng pagkapropeta kinalaunan.**

## HAJJ NI ABU BAKR

**Sa Ika-9 na taon ng Hijrah, ipinadala ng Propeta ﷺ si Abu Bakr ﵁ bilang pinuno sa Hajj at mamamahala sa mga nagsasagawa nito, at ipinadala rin ng Propeta ﷺ si Ali ﵁ upang basahin sa unang mga talata mula sa Surah At-Tawbah sa mga tao, at huwag pansinin ang mga kasunduan ng mga tauhan ng Shirk, at upang inanunsyo sa mga tao na hindi na maaari magsagawa ng Hajj ang sinumang Mushrik sa pagkatapos ng taon na ito, at hindi na rin maaaring magsagawa ng Tawaf sa paligid ng Ka'bah nang hubot' hubad katulad ng nakasanayan nila noong panahon ng Al-Jahiliyah (Kamangmangan).**

## HAJJATUL WADA'

**At noong ika-10 ng Hijrah, nagsagawa ng Hajj ang Sugo ng Allah ﷺ at ito ang tinaguriang Hajjatul Wada' (Ang pamamaalam ng Hajj). Lumabas ang Propeta ﷺ at kasama niya ang mga Muslim sa iba't ibang mga tribo at pamayanan hanggang sa umabot ang bilang nila na humigit kumulang na isang daang libo (100000), at dito itinuro ng Propeta ﷺ sa mga tao ang mga alituntunin ng Hajj, at siya ay nag-Khutbah sa araw ng Arafah at binasa sa kanila ang sinabi ng Allah ﷻ: *﴿Sa araw na ito ay ginawa Kong perpekto ang inyong relihiyon at kinumpleto ang Aking biyaya sa inyo at pinili Ko ang Islam bilang inyong relihiyon.﴾* [5:3]. At dito ipinaalam sa kanila na ang Relihiyon ay talagang ganap na, at itinagubilin sa kanila na manatili sa pagsunod sa anumang dumating sa Qur'an at Sunnah, at ginawang sagrado ang kanilang mga buhay, kayamanan at dignidad sa bawat isa, at ito ang huli at pamamaalam na Khutbah ng Propeta ﷺ.**

## SUNDALO NI USAMAH

**Sa buwang ng Safar, ika-11 taon ng Hijrah, naghanda ang Propeta ﷺ ng malaking hukbong sandatahan upang digmain ang Roma, at itinalaga niya na mamuno dito ay si Usamah bin Zayd ﵁, at lumabas sila at nagkampo sa Al-Jurf kaya nga lamang ay dumating sa kanila ang balitang pagkakasakit ng Propeta ﷺ.**

## Buod ng mga Labanan at digmaan sa Panahon ng Propeta ﷺ

BUOD NG MGA LABANAN AT DIGMAAN SA PANAHON NG PROPETA ﷺ

**Lahat ng mga Ghazawat (Labanan) ng Propeta ﷺ at mga Bu'uth (delegasyon) at Saraaya (maliit na pulutong ng sundalo) ay nangyari pagkatapos ng Hijrah sa loob ng sampung (10) taon. Ang mga Saraaya at Bu'uth ng Propeta ﷺ ay umabot sa animnapu (60), at mga Ghazawat naman ay umabot sa dalawampu't pito (27) at siyam (9) mula rito ay lumahok ang Propeta ﷺ at ito ang sumusunod: Badr, Uhud, Al-Khandaq, Quraydhzah, Al-Mustaliq, Khaybar, Fathul Makkah, Hunayn, at Taif. At napahayag sa Qur'an ang ilang sa mga ito:**

ANG MGA LABANAN AT DIGMAAN NA NAPAHAYAG SA QURAN

**Ghazwat Badr: Naipahayag ito sa Surah Al-Anfal, at tinawag ito na Suratu Badr.**

**Ghazwat Uhud: Naipahayag ito sa mga huling bahagi ng Surah Al Imran, mula sa sinabi ng Allah ﷻ: *﴿Nang iniwan mo ang iyong pamilya upang isaayos ang mga nanampalataya sa mga posisyong pandigmaan sa labanan sa Uhud﴾* [3:121], hanggang sa ilang huling mga talata nito.**

**Ghazwatul Khandaq, Bani Quraydhzah, at Khaybar: Naipahayag ito sa kalagitnaan ng Suratul Ahzaab.**

**Ghazwatu Bani An-Nadheer: Naipahayag ito sa Suratul Hashr.**

**Ghazwatul Hudaybiyah, Khaybar at Al-Fath: Naipahayag ito sa Surah Al-Fath, at nabanggit din ang Al-Fath sa Surah An-Nasr.**

**Ghazwat Tabuk: Naipahayag ito sa mga talata sa Surah At-Tawbah.**

**Ang Propeta ﷺ ay nasugatan lamang sa labanan sa Uhud, at ang mga anghel ay nakipaglaban sa kasama niya sa labanan sa badr, Uhud, at Hunayn. Dumating ang mga anghel at ginimbal ang mga Mushrikeen at winasak ang kanilang mga puwersa sa labanan sa Al-Khandaq, ang Propeta ﷺ ay nagtapon ng graba sa mga mukha ng Mushrikeen kaya't silay ay nagsitakas. Ang pagsakop sa Makkah ay naganap sa loob ng dalawang laban: Badr at Hunayn. Ang nag-iisang labanan na gumamit sila ng Catapult ay sa Ta'if. At sila'y nagkuta gamit ang mga Khandaq (hukay na kanal) tulad ng ipinayo ni Salman Al-Farisiy ؓ noong digmaan laban sa mga Ahzaab.**

## Pagkakasakit at Pagpanaw ng Propeta ﷺ

PAGKAKASAKIT AT PAGPANAW NG PROPETA ﷺ

Pinapili ng Allah ﷻ ang Propeta ﷺ sa pagitan ng pananatili dito sa Mundo o ang makatagpo ang Allah ﷻ at Paraiso, kaya pinili niya ang makatagpo Siya at ang Paraiso. Tumindi ang pagkakasakit ng Propeta ﷺ, hiniling niya sa kanyang mga asawa na siya ay magpahinga sa bahay ni A'ishah رضي الله عنها at pinayagan nila ito. At nang hindi na niya kayang mapamunuan ang Salah sa Masjid, inutusan niya si Abu Bakr رضي الله عنه na pamunuan ang Salah ng mga tao sa Masjid, at ito ay isang pahiwatig na si Abu Bakr ay karapatdapat sa Khilafah pagkatapos niya.

At noong Lunes ika-12 Rabi'ul-Awwal taon labing-isa pagkatapos ng Hijrah, ang Propeta ﷺ ay lumabas patungo sa mga tao habang sila ay nagdarasal ng Fajr, itinaas niya ang kurtina at binuksan ang pintuan upang sa ganoon ay makita nila siya, at sumenyas siya ng kanyang kamay sa kanila na ipagpatuloy ang Salah habang nakangiti ito sa kanila. at nang tumaas ang araw pumanaw ang Propeta ﷺ.

Ang pagpanaw ng Propeta ﷺ ay isang malaking pagsubok na dumating sa mga Muslim, labis at malubha silang nalungkot sa kanyang pagpanaw.

At nagtipun-tipon at nagkaisa ang mga tao na si Abu bakr رضي الله عنه ang itatanghal na Khalifah (kasunod na mamumuno) at walang sinuman ang sumalungat sa paghirang sa kanya bilang Khalifah dahil nalalaman nila ang pangunguna ni Abu Bakr sa Islam at kahigitan nito sa buong Ummah pagkatapos ng Propeta ﷺ.
Pagkatapos ay pinaliguan ang Propeta ﷺ at ibinalot siya sa tatlong puting tela, at inilibing siya kung saan siya namatay at ito ay sa Kuwarto ng Ummul Mu'mineen A'ishah رضي الله عنها , at iyon ang Sunnah ng Allah sa kanyang mga Propeta na kung saan ay kapag yumao sila ay iilibing sila kung saan sila namatay. At nagsagawa ng Salatul Janaiz para sa kanya ang mga tao at Jinn, Ang pagpapala at kapayapaan ng Allah ay mapasakanya. tayo ay sumasaksi na talagang ginampanan niya ang Amanah (ipinagkatiwala) sa kanya at nagbigay ng payo sa Ummah, at nakibaka para sa Allah ng tunay na pakikibaka, gantimpalaan nawa siya ng Allah para sa kanyang Ummah ng isang gantimpala na mas mainam pa sa gantimpala ng isang propeta para sa kanyang Ummah. Ang lahat ng papuri ay para Allah ang Panginoon ng sanlibutan.

### Pangwakas:

**Sinabi ni Hassan bin Thabit رضي الله عنه manunula ng Propeta ﷺ:**

O' Allah tipunin mo kami kasama ng aming Propeta sa Paraiso na pinupuri ng mga matang inggit sa Paraisong Ferdaus at isulat mo ito para sa amin. O' Allah ang dakila at kataas-taasan ang nag mamay-ari sa lahat. Ang Allah at ang mga silang nasa paligid ng Arsh at mabubuting tao ay pumupugay sa pinagpalang Ahmad.

# Pangatlong Pagsusulit

| TANONG | TAMA | MALI |
|---|---|---|
| ۞ Siya ay tagapastol ng mga tupa, at ito ang naging dahilan sa pagkakaroon niya ng katangian tulad ng pagtitiis, habag sa mga mahihina, at pangangalaga sa kanila. | ☐ | ☐ |
| ۞ Nang siya ay umabot ng apatnapung taong gulang, ang liwanag ng Pagka-Propeta ay sumisikat na sa kanya at pinarangalan siya ng Allah ﷻ ng Kanyang mensahe araw ng biyernes | ☐ | ☐ |
| ۞ Mas naging matindi pa ang pamiminsala na ginawa ng mga Quraysh sa Sugo ng Allah ﷺ tulad ng pagkubkob nila sa kanya at sa sambahayan at pamilya niya sa Shi'ib [Burol] ni Abi Talib sa loob ng tatlong taon hanggang sa ang Propeta ﷺ ay lumabas mula sa pagkakakubkob sa edad na apatnapu't siyam. | ☐ | ☐ |

۞ Isinilang sa Makkah: ☐ Taon ng elepante ☐ Bago ang Hijrah 35 na taon ☐ Lahat ng nabanggit.

۞ Pagsisimula ng Rebelasyon: ☐ Ginawang kaibig-ibig sa para sa kanya ang pag-iisa ☐ Mabubuting mga pangitain ☐ Lahat ng Nabanggit.

۞ Bilang ng bahagdan ng pagdating ng rebalasyon: ☐ lima ☐ Pito ☐ Tatlo.

۞ Bilang ng bahagdan ng Dawah : ☐ dalawa ☐ tatlo ☐ lima.

۞ Naglakbay sa gabi ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan, patungo sa Masjid Al-Aqsa at pagkatapos ay iniakyat siya noong gabing iyon patungo sa itaas ng mga kalangitan (…………..) hanggang patungo sa Allah At doon kinausap siya ng Allah, inobliga sa kanya ang limang beses na Salah.: ☐ pamamagitan ng kanyang pisikal na katawan, ☐ kaluluwa ☐ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan

۞ Ang kauna-unahang Masjid sa Islam: ☐ Al-Haram ☐ Nabawi ☐ Al-Aqsa ☐ Qubaa.

۞ Nangyari ang paglipat ng Qiblah sa : ☐ Makkah bago ang Hijrah ☐ sa ika-2 taon ng Hijrah ☐ sa ika-3 taon ng Hijrah.

۞ Nangyari ang Ghazwat badr sa buwan ng Ramadhan taong: ☐ ika-2 ng Hijrah ☐ Ika-3 ng Hijrah.

| Unang naniwala sa Propeta ﷺ: | Ali bin Abi Talib | Bilal bin Rabah | Zayd bin Harithah | Abu Bakr As-Siddiq |
|---|---|---|---|---|
| Mula sa kalalakihan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Mula sa Kabataan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Mula sa mga pinalayang alipin | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Mula sa mga alipin | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Tagapag-alaga ng Propeta ﷺ: | Abu Talib | Abdul Muttalib | Walong taon | Abdullah bin Abdil Muttalib | Pitong taon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkatapos pumanaw ng kanyang inang si Aminah, siya ay inilagay sa pangangalaga ng kanyang lolong si | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| na pumanaw rin habang ang Propeta ﷺ ay nasa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| kaya't inilagay siyang muli sa pangangalaga ng kanyang tiyuhin na si | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| At ang Sugo ng Allah ay nasa sinapupunan pa laman noong namatay ang kanyan ama na si | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| At pumanaw ang kanyang ina bago naging ganap ang eded ng Propeta na | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Labanan ng Propeta ﷺ: | 10 taon | 60 | 27 | 9 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Lahat ng mga Ghazawat (Labanan) ng Propeta ﷺ at mga Bu'uth (delegasyon) at Saraaya (maliit na pulutong ng sundalo) ay nangyari pagkatapos ng Hijrah sa loob ng | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| Ang mga Saraaya at Bu'uth ng Propeta ﷺ ay umabot sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| mga Ghazawat naman ay umabot sa | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| mula rito ay lumahok ang Propeta ﷺ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| nasugatan lamang sa labanan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

# Talaan ng Nilalaman


- Panimula ..........................................3
- Katangian ng Propeta ﷺ ..........................................5
- Unang Pagsusulit ..........................................13
- Katuruan ng Propeta ﷺ ..........................................15
- Ikalawang Pagsusulit ..........................................20
- Kahigitan ng Propeta ﷺ ..........................................23
- Pamilya at mga Asawa ng Propeta ﷺ ..........................................26
- Talambuhay ng Propeta ﷺ Bago ang Pagka-Propeta ..........................................31
- Pagsisimula ng Rebelasyon ..........................................33
- Panahon na nasa Makkah ..........................................37
- Panahon na nasa Al-Madinah ..........................................40
- Buod ng mga Labanan at digmaan sa Panahon ng Propeta ﷺ ..........................................47
- Pagkakasakit at Pagpanaw ng Propeta ﷺ ..........................................48
- Pangwakas ..........................................48
- Pangatlong Pagsusulit ..........................................49
- Talaan ng Nilalaman ..........................................52


هيثم سرحان
الموقع الرسمي لفضيلة الشيخ
attaseel.alelmi
haythemsarhan
haythem_sarhan
attaseelalelmi1
attasseelalelm
attasseelalelm
http://sarhaan.net
www.attasseel.alelmi.net/ar